# UJÓS



2023

*Pahayagang pangkultura na inilalathala*
*ng Artista at Manunulat ng Sambayanan (Armas)*

## Nilalaman


| | |
|---|---|
| *"Bakit Ko Naman Isasara ang Pinto Ko sa Inyo?"* | 1 |
| *Wala na kuno'y NPA? (2021)* | 5 |
| *Maikling kwento: Ang Pagtatagpo sa Hangganang Larangan* | 7 |
| *Ang mga Tula sa Kanayunan Ay mga Tula ng Digmang Bayan* | 10 |
| *OPKAT sa Gitnang Luzon* | 11 |
| *Yin-Yang* | 13 |
| *For We Are the People's Army* | 15 |
| *Ang litnum at ang gera* | 18 |
| *Matematika ng Kusina* | 20 |
| *Anghel Dela Guwardia* | 21 |
| *Lupang Ninuno, Ipaglaban* | 22 |
| *Todtod: Tatama rin ako!* | 23 |
| *Nang Magbangon ang mga Api* | 29 |
| *Maikling kwento: GM, Kasal, TO* | 36 |
| *Maikling kwento: Semana Santa* | 54 |
| *Maikling kwento: Dagli* | 70 |
| *Maikling kwento: Sa Dulo ng Baryo* | 74 |
| *Sa Aking Paglisan* | 76 |
| *Ang aming Pagtanggap* | 78 |
| *Kung hindi ako naging komunista* | 80 |
| *Anibersaryo* | 82 |
| *Pasintabi sa Milenyal* | 87 |
| *Alay sa Catbalogan 10* | 89 |
| *Tagapangulong A.L.* | 91 |
| *Pinag-aralan Niya ang Buhay* | 93 |
| *Para kay Ka Denver* | 95 |
| *Hindi malilimot* | 97 |
| *Babaeng Gerilya* | 100 |
| *Maikling kwento: Tatak Wong* | 102 |

*Maikling kwento: Mga Inapo ng Araw* 106
*Maikling kwento: Bahay ni Lyka* 109
*Pagkatapos ng Iyong Pulong* 112
*Sinumpaang salaysay para sa hukuman ni Raymond Manalo* 114
*Komiks: Ano ang gagawin para hindi maipit sa ECLIP?* 116
*Kina Marlon at Christopher na aking Kababata* 117
*Daang hanter 2* 119
*Kanta: Traydor* 122
*Maglingkod nang walang-pagod!* 127
*Reminders* 128
*Kung sakali* 130
*Dibuho: Mga mukha ng rebolusyon* 131
*Landas* 137
*Maghimagsik* 141
*Pasasalamat* 142

# Paunang Salita

Makatarungan ang matagalang digmang bayan. Hindi ito susulong, magkakamit ng mga tagumpay o makababangon mula sa mga kahinaan, kung hindi ito puspos ng katwiran. Kung hindi ito makatarungan, hindi ito lalahukan at tatangkilikin ng ilan nang salinlahi ng mga magsasaka, manggagawang bukid, manggagawa at mga petiburges na yumakap sa hangarin ng paglaya at bumagtas sa landas na puno ng sakripisyo at kahirapan. Kung wala itong katwiran, matagal na itong nagupo.

Kung pakikinggan ang kaaway, deka-dekada nang nagapi/nagagapi/magagapi na ang armadong kilusan. Ipinagmamalaki nito ang dami ng bombang naihulog at mga bala ng kanyong inasinta sa mga katawan. Pero madalas, hindi sa mga armado at may kapasidad lumaban kundi sa mga magsasaka, kanilang mga ina at ama, mga bata at sanggol at di miminsan, sa mga nakapastol na kalabaw sa parang. Mula sa pagdanak ng kanilang dugo, umuusbong ang bagong mga mandirigma na mas matapang, mas makatwiran at mas determinadong lumaban.

Ito ang dahilan kung bakit sa 55 taong pag-iral ng armadong kilusan, lagpas pitong presidente at di mabilang nang mga kampanya ng pagkubkob at supresyon, hindi ito nagapi/nagagapi/magagapi.

Walang hukbo, gaano man kalaki o kasopistikado, ang lubos na makadudurog sa hukbong may makatarungang ipinaglalaban, umuusbong at kinakalinga ng malawak na masang inaapi at pinagsasamantalahan.

# Pambungad

Ang koleksyon na ito ng Ulos ay pumapaksa sa pagkamakatarungan ng armadong paghihimagsik ng mamamayang Pilipino. Laman nito ang bago at lumang mga obra ng mga Pulang mandirigma at mga kasapi ng Partido at organisasyong masa na direktang kalahok sa armadong paglaban. Ilan sa mga ito ay nailathala na sa mga publikasyong panrehiyon.

Binubuksan ang koleksyon ng tulang "Bakit Ko Naman Isasara ang Pinto Ko sa Inyo?" na nagtampok ng katwiran ng isang magsasakang malaon at malalim na sumusuporta sa hukbo sa kabila ng panggigipit ng militar. Ipinakita nito bakit hindi kailanman matatalo ang mahigit limang dekadang paglaban.

Sa tulang “Wala na daw NPA?” sinagot ang taun-taong pagmamayabang ng reaksyunaryong hukbo na nadaig nito ang hukbong bayan. Pabirong sagot nito:

*Sus, basaha! (Sus, pakibasa!)*
*Sa ngalan pa lang daan- (Sa pangalan pa lamang-)*
*NaPA man! (Meron pa!)*

Kinikilala ng sinumang totoong taktisyan ng gera na mahirap, kundiman imposibleng gapiin ang isang gerilyang hukbo.

Sa magkatambal na kwentong “GM, Kasal, TO” at “Semana Santa,” pareho mula sa Bagong Hukbong Bayan sa Surigao del Sur, inilarawan ang buhay-at-kamatayang pakikibaka ng mga rebolusyonaryo.

Sa “GM, Kasal, TO,” ni Kasamang Lino, maaksyon niyang ikinwento ang pagdaraos ng dalawang magkasunod na taktikal na opensiba ng isang platun ng Pulang mandirigma noong 2020 laban sa dalawang target militar na lubos na nagpahirap sa mamamayan sa kanilang eryang kinikilusan. Ipinamalas ng platun ang mataas na diwang palaban at disiplina, gayundin ang demokrasyang

dumadaloy sa loob ng hukbo, sa pagpapatupad ng mga gawaing militar. Naipakita ni Ka Lino ang krusyal na ambag ng masa sa paglulunsad ng armadong pakikibaka.

Ang "Semana Santa" ay kwento ni Kasamang Ju, isang babaeng medik ng platun ng BHB na kumikilos sa magkakalapit na bayan sa Agusan del Sur at Surigao del Sur. Isa siya sa mga nakaranas ng magkakasunod na panganganyon noong 2019 na sinundan ng mga depensibang aksyon sa *recovery area*. Dumanas siya ng pagbaba ng kumpyansa sa masa at ang motibasyon na magpatuloy. Ngunit sa tulong ng mga kasama at mga medikal na propesyunal, gayundin ng sariling pagsisikap, unti-unti niyang nalampasan ang krisis na ito at naunawaan ang kahalagahan ng pagtitiyaga. Hanggang ngayon, patuloy na ginagampanan ni Kas Ju ang kanyang tungkulin sa loob ng BHB.

Ang mga Tula sa Kanayunan ay mga Tula ng Digmang Bayan ay pwedeng ituring na isang pasakalye kung saan ipinahayag ng manunula na ang magbabasa na ang "bahalang umunawa." Anito,

*Demokratikong Rebolusyong Bayan*
*Iyan lang ang*
*aming kayang i-tula*
*Pagkat iyan lamang*
*ang buhay at kamatayan*
*Ng isang pulang Mandirigma.*

Pero ang totoo, kaya ng bawat mandirigma ang humugot sa kanyang kalooblooban para sumulat ng mga tula, kanta at kwento para salaminin ang kulay at sigla, tagumpay at hinagpis ng pag-aarmas, at ang buhay-at-kamatayang pakikibaka ng masa at hukbong bayan. Mula sa panlipunang usapin, tulad ng pyudal na pagsasamantala sa kanayunan sa tulang "Todtod: Tatama rin ako!" at mga partikular na tungkulin, tulad ng nasa tulang "Matematika sa Kusina," kaya niyang lumikha ng rebolusyonaryong literatura.

Kaya niyang bigyan ng boses ang poot na nadarama sa tuwing nakababalita ng pagdurusa ng masa. Halimbawa nito ang tulang “Sinumpaang Salaysay para sa Hukuman ni Raymond Manalo,” na isinulat noong nagsisimula pa lamang ang kaso laban kay Jovito Palparan. Ani ng kasamang sumulat:

*Nang mabasa ko ang nasabing salaysay;*
*Nanginig ang buo kong katawan*
*Wala pang nagpaantig sa akin sa nakaraan*
*Ni mga trahedhang animo'y kagimbal-gimbal*
*Sorpresang atake ng kaaway o pagkabihag man.*

Lalong kagimbal-gimbal, na pagkalipas ng 14 taon matapos isulat ang tulang ito, ipinawalangsala ng korte si General Palparan, berdugo sa likod ng pagpapahirap kay Raymond Manalo.

Kayang isalin ng Pulang mandirigma sa mga salita at obra ang kanyang mga saloobin at pagkilala sa samutsaring sakripisyo na kailangan sa pagrerebolusyon. Sa tulang “Sa Aking Paglisan,” nagpaalam ang isang ina sa bago niyang silang na sanggol.

*Pag-iwan sayo'y hindi madali*
*Sa bawat iyong paghikbi*
*Labis ang aking pighati*

Buhay man ang ialay, at inalay na, ng maraming martir. Pagpupugay sa tulad nila ang tulang “Sa Gubat na Yaon,” na alay sa Catbalogan 10 at sa “Babaeng Gerilya” na inialay ng manunulat sa kanyang “pinunong amazona at sa lahat ng matitikas at magigiting na rebolusyonaryong babae.”

Sa kwentong “Tatak Wong,” ipinakilala si Ka Wong, isnayper, kumander, magiting

na mandirigmang pinatay habang nasa kustodiya ng kaaway, labag sa mga batas ng digma. Kasama niyang brutal na pinatay ang mag-asawang kumander at duktor ng hukbong bayan na maihahalintulad sa piksyunal na karakter nina Yoo Shi-jin at Kang Mo-yeon na "Mga Inapo ng Araw."

Ang "Koleksyon ni Arka" ay serye ng mga *portrait* o mga iginuhit na mukha, gamit ang papel at bolpen, bilang pagpupugay ng isang mandirigma sa South Central Negros sa mga upisyal at kadre ng Partido na namartir nitong nakaraang mga taon.

Kung gaano pinagpupugayan ang mga martir, siya ring kinamumuhian ng mga mandirigma ang mga nagtaksil sa bayan. Kinutya sila sa kantang "Traydor" bilang mga demonyo at "peste sa sakahan" na "duwag sa sakripisyo at kahirapan."

Mula sa sulat- at guhit-kamay na *e-zine* ang komiks na ang "Ano ang dapat gawin para hindi maipit ng ECLIP?" Ginamit ng mga kasama sa Central Luzon ang pormat na *e-zine* para mabilis na makapaglathala ng mga kwento, tula at iba pang literatura sa kalagayang mahirap ang ibang pormat ng distribusyon.

Sa huli, simpleng inilahad sa tulang "Maghimagsik" kung para saan ang paghihimagsik. Anito:

*Para sa kalayaan, Maghimagsik!*
*Para sa katarungan, Maghimagsik!*
*Para sa kasarinlan, Maghimagsik!*
*Para sa kaunlaran, Maghimagsik!*
*Para sa karapatan, Maghimagsik!*
*Para sa bayan, Maghimagsik!*


KALAYAAN
KATARUNGAN
KASARINLAN
KAUNLARAN
KARAPATAN
BAYAN

# Bakit Ko Naman Isasara ang Pinto Ko sa Inyo?

*ni Fernando Casibio*

"Mga kasama, pagpasensyahan n'yo na," agad na salubong
sa mga Hukbong 'di pa man nakapapasok lahat sa silong,
"at ako laa'y talagang binalaan na ni Kapitan Mando:
'wag na muna kayong patuluyin dine sa bahay ko.

"Ano't pangalan ko raw ay kuha na sa kampo,
at pookan nami'y ipinamarali na sa ibang baryo.
Nagpapatuloy daw anya ako ng mga katulad n'yo!
Ano ba naman sa mata ng Diyos ang s'yang kasalanan ko?"

"Ay, ano raw ho baga ang s'yang pangyayari?"
usisa ng kasamang agad nilang pinagkape.
"Ay, paano'y alala baga ninyo nang muntik dineng magpang-abot?
'Di ga't limang minuto ang layo namin sa inyong gulod?

"Mainam at agad naisip ng anak ko na tumawag,
nang ang nagdatingang mga sundalo'y sa inyo maiulat.
Habang ako? Ay, hangos! Kaagad, kumot ang aking hanap
para maitaklob sa mga naiwang pa-charge dine't 'di sumambulat!"

"S'ya nga. Gay-on na nga ho ang aming pasasalamat!
At kung 'di ho sa paabot n'yo'y baka sa putukan napamulat!
Kaagad naman hong kumalas ang mga kasama nang umagang 'yon,"
paliwanag ng Hukbong iniligtas ng gay-ong pagtulong.

"Pero mabanggit ko lamang din tungkol sa mga sundalong 'yan -
Ni hindi ako kausapin ng direkta't harapan!
Ipinagtanong na kayo sa pookan maliban lamang sa amin.
Aba'y tila baga gustong ang takot sa aki'y maitanim.

Nang 'di kayo nahagilap ay saka lamang ako tinungo,
pero para lamang pala mag-iwan ng panduduro.
Aba'y sabi'y "Sa susunod hong kami'y mapalaban
sa maalin sa mga gulod sa inyong kapaligiran
ay tiyak hong kayo ang aming babalikan,
dahil alam naming kayo ang nag-aalaga sa mga 'yan."
Saka nag-alisan ang mga hayop, maiinit ang ulo -
Aba'y nambali pa nga ang dyip n'yan ng aming mga tubó!

Paroon naman agad ako sa inyong pinagpuwestuhan,
at kako'y maimis ang anumang bagay na inyong naiwanan.
Taklis ang aking gulok, sinimulan kong tabasan
ang sukal nang maikubli ang paldas ng hinimpilan."

Tila halos maluha ang Hukbo sa pakikinig
dahil pa sa pagtitiwala at galak, higit pa sa takot at galit.
At muli, babang-loob na nagpuna sa kanilang mga kahinaan,
at nagpasalamat sa muling pagkakaligtas sa labanan.

"Kaya nga rin ho sana'y 'di na muna kami rine magtitipon;
nga laa'y said na ho sadya ang karga ng aming mga selpon.
Ay, hindi ho naman aaring sa ating masa'y 'di makapag-alam
ng kalagayan sa mga baryo para sundalo'y maiwasan.

"Kanipisan na rin ho ng dalang panustos ng mga kasama.
Ay, baka ho sunod na makapabili'y sa tawid-bayan pa.
Kaya't nakahihiya man hong lubos at tunay,
talagang sa pasuyo lamang mapahahaba ang aming buhay."

"Mga kasama, pagpasensyahan n'yo na," ulit ng matanda,
"at talagang sa kampo'y mainit na 'ko sa kanilang mata.
Aba't 'yang Piptinaynt ng Armi'y 'di maalam mangilala,
at pa'no'y kahit anak ko, pinagbibintangan na't may banta!

"Ngunit d'yan sa katapat nami'y may paninda silang bigas.
Baka kahit paano'y may kaunti ring nudels, kape, asukal, sardinas.
'Pag naiayos na ni misis ang mga pa-charge n'yo'y ipakikisuyo natin.
Hayaan n'yo na 'yan sa amin, at mukhang 'di pa kayo nakakakain."

'Di magkamayaw ang pasasalamat sa bawat pananalita
ng mga Hukbong dahil sa masa, muling makatatawid sa dalita.
At habang hinahainan ng kadyos na binulanglang,
'di napigilan ng isa ang itanong: "Maigi ho't ayos pa rin laang?"

Nakangiting may lumanay ang masa nang tumugon:
"Ay, oo nga. E ano't magagawa ba naman namin sa inyo 'yon?
Maging si Kapitan nama'y hindi naman nahintakutan.
Aari nga raw kayong mag-charge. Mag-iingat laang.

"Sa totoo laang, utoy, kainaman na ng inihigpit kaysa dati,
pero wala sila ni ebidensya! At wala akong ginagawang mali!
Kaya't hangga't nabubuhay ako, buhat ng pamilya ko,
at ang lupang ipinaglaban natin dine sa aming sityo,
ika ko nga rin minsan mismo kay Kapitan Mando,
"Bakit ko naman isasara ang pinto ko sa inyo?"

# Wala na kuno'y NPA?




Sige'g balik-balik
Ang kaaway
Sa law-ay
Nga balaybay
Nga dyutay
Na daw ang pulang hangaway.
Pero sipyat sila
Sa kanunay.

Siguro wala,
Pero may kinatuhay.
Kay ang NPA, wala.

Wala'y pangalan, pero daghang nailhan.
Wala'y balay, pero daghang kapuy-an.
Wala'y bakat, pero layo'g maabtan.
Wala'y adres, pero daghang natultulan.
Wala'y sweldo, pero daghang trabahuan.
Wala'y propesyon, pero daghang nahibaloan.
Wala'y gahod, pero sadya ra man.
Wala sa pamilya, pero daghang amahan ug inahan.

Pero kung muingon sila,
Nga wala na'y kauban
Dili kapatihan.

Wala na kuno'y NPA?
Sus, basaha!
Sa ngalan pa lang daan-
NaPA man!

Basta ang katawhan,
Padayong gihimuslan,
Mudaghan
Ug dili mapugngan
Ang NPA,
Ang tinuod nga sundalo sa katawhan.
Kay kung wala
Ang NPA,
Wala sa bisag unsa
Ang katawhan.

---

**Wala na raw NPA?**

Pabalik -balik
Ang kaaway
Na pangit
Sa bahay-bahayang
Maliit
Nagkukunwaring mga Pulang mandirigma.
Pero bigo sila
Palagi.

Siguro wala,
Pero may pagkakaiba.
Dahil ang NPA, wala.

Walang pangalan, pero maraming kilala.
Walang bahay, pero maraming natutuluyan.
Walang bakas, pero malayo ang nararating.
Walang adres, pero maraming naaabot.
Walang sweldo, pero marami ang pinagtatrabahuan.
Walang propesyon, pero marami ang alam.
Walang ingay, pero masaya pa rin.
Wala sa pamilya, pero maraming mga ama at ina.

Ngunit kung sasabihin nila,
Na wala nang kasama
Ay hindi kapani-paniwala

Wala nang NPA?
Sus, basahin!
Sa pangalan pa lamang--
NaPA man! (Meron pa!)

Hanggang ang mamamayan,
Patuloy na pinagsasamantalahan,
Dadami
At hindi mapigilan
Ang NPA,
Ang tunay na sundalo ng sambayanan.
Dahil kung wala
Ang NPA,
Walang anuman
Ang mamamayan.


# Ang Pagtatagpo sa Hangganang Larangan

"Nakakagulat pero nakatutuwang pangyayari." Ito ang masayang pagbabahagi ni Ka Hunan sa mga kasama. Sino ba ang makalilimot sa araw na iyon?

Maaga pa ay binagtas na nila Ka Raur ang masukal na *logging road* papunta sa oblagang iyon. Kinakabahan man siya pero pumupusta ng kanilang buhay ang mga masa na samahan sila para patotohanan ang kanilang sinasabi. Si Ka Vira, dating NPA noong maagang bahagi ng dekada nubenta at sinasaligang aktibista sa baryo, si ka Arto na tubo talaga sa lugar na iyon at nirerespeto ng taumbaryo, at tatlo pang residente ang kasama nila.

Dalawa lang sila ni ka Binro. Itak at icom lamang ang kanilang dala. Sadyang hindi sila pinadala ng mga kasama ng baril para hindi maalerto ang kanilang pupuntahan.

"Sigurado kami, mga kasama sila!" Walang pagdadalawang loob na sabi ni ka Vira.



"Magagalang sila sa pananalita. Nanggagamot at nagbibigay ng pag-aaral. Lumalahok din sa gawaing produksyon ng masa. Binabadyet din nila ang kanilang pagkain. Masinop at malinis sila sa pagbabase," dagdag pa ni ka Arto ng sabihin ng mga kasama na "baka naman mga army yan na nagpapanggap."

Karaniwan nang ginagawa ng 84th IB o ng 1st IB ang pagpapanggap na NPA sa pag-aakalang malilinlang nila ang masa. Pero kahit anong panggagaya nila sa kasuotan ng NPA at pagbibigkas nila ng mga terminong pulitikal, hindi nakaliligtas sa mapanuring mata ng masa ang kanilang kagaspangan, kawalang tiyaga sa pakikipagtalakayan, at pagkainip sa mahirap na pamumuhay ng masa. Hindi sila makatiis na hindi makapag-ulam ng karne, uminom ng alak at mangkursunada sa kababaihan.

"Sigurado kami na NPA din sila." Paulit-ulit na sinasabi ng masang kanilang kaharap. Sila Ka Ruar ang nakatalagang yunit ng NPA ng rehiyon ng Gitnang Luzon sa erya na iyon. Wala din naman silang natanggap na pabatid mula sa ibang rehiyon na may mga kasamang umaabot doon. Halos pitong taon na ang nakalipas mula ng nakadaop nila ang mga kasama sa hangganan ng larangan.

Sina Ka Ruar at Ka Binro ang naatasang pumunta. Kabisado nila ang tereyn at mga masa sa erya sakali mang mga militar nga ang mga iyon na nagpapanggap.

Nauna sina Ka Vira ng ilampung metro sa oblagan ng mga kasama para ipabatid na may kasama silang mga NPA din. Tulad nina Ka Ruar, "baka panggap ang mga yan," ang agad na reaksyon nina Ka Hunan. Anu't anuman, nag-alerto na rin ang mga kasama.

"Kung panggap yan, ang lakas naman ng loob nilang pumunta dito," sa loob-loob ni Ka Yenan.

Taktak ang pawis sa magkahalong kaba at eksaytment nina ka Raur at Ka Binro. Napansin agad nila na mataas ang alerto ng mga kasamang nasa harapan. Suot lahat ang amo belt at mahigpit ang hawak sa baril. Ang masa namang kasama nila ay agad na nilapitan ang mga kasama at masiglang sinasabi na "mga kasama sila."

Nang magkalapit na, agad na inalok ni Ka Ruar ang kamay para magpakilala, na sinalubong naman ng mahigpit na pakikipagkamay ni Ka Hunan. Sumilay ang mga ngiti at umaliwalas ang mukha ng mga nakapaligid na mga kasama at masa.

"Paano kayo napanatag na kasama nga kami?" tanong ni Ka Binro habang nagkakape. "Kilala at tiwala kami sa masang kasama ninyo. Maliban doon, may garter pa sa binti ang parkang suot ninyo," sagot ni ka Yenan. Sabay pang napatingin sa kanilang parka sina Ka Ruar at Ka Binro, habang hagalpakan naman sa tawa ang mga kasama.

Kinabukasan, nagtagpo at nagdaop ang mga kasama sa hangganang larangan ng Gitnang Luzon at Timog Katagalugan. Ilan sa kanila ay dati nang magkakilala, nagkasama sa ilang pag-aaral at pagsasanay. Marami ay noon lamang nagkita pero parang dati nang magkakakilala. Sa maiksing panahon ay nagsama-sama sila para magbahagian ng mga lagom na aral, magpalitan ng mga kaalaman at nagkaisa kung paano magkakatulungan sa harap ng sitwasyong militar at paano ipagpapatuloy ang gawaing pampulitika. At nang dumating ang sandali ng pagpapaalam sa isa't isa, parehong yunit ay mataas ang rebolusyunaryong optimismo sa muling pagkikita, sa mas pinaigting na pagsusulong ng digmang bayan.

*Mayo 18, 2023*
*Ming Pagbutlak*



# Ang mga Tula sa Kanayunan Ay mga Tula ng Digmang Bayan

*ni Macario Salakay*

Tipikal na tula
ng Pulang Mandirigma
Ay mga tulang
mabilis na nililikha
Kung may pangangailangan
o pangyayari
Lalarga lahat
pati di makata.

Walang sukat,
walang tugma
Sa iglap isinusulat,
pangahas sa ideya
Walang pakundangan
sa porma
Basta sa sustansya
ay sagana.

Saka na ang kritik
pagkatapos ng programa
Ang tiyak,
lahat ay masaya
Palakpakan,
lalo na ang masa.

Ang pagtula sa kanayunan
ay pag-aaral lumangoy
Kung nasa tubig na,
walang hinihinging kondisyon ni
konsentrasyon
Sapat nang alam ang tema,
aabante na
kaya
Kayo na ang bahalang umunawa.
Demokratikong Rebolusyong Bayan
Iyan lang ang
aming kayang i-tula
Pagkat iyan lamang
ang buhay at kamatayan
Ng isang pulang Mandirigma.

# OPKAT sa Gitnang Luzon

OPKAT? UPCAT? UP College Admission Test? Naku hindi po. Walang eksam dito para makapag-aral. Walang enrolment. Walang rangking. Walang bayad.

Dito sa loob ng New People's Army-Gitnang Luzon, araw-araw ay may makabuluhang talakayan. Ito ang ORAS PARA SA KAUNTING TALAKAYAN o OPKAT.

Ito ay impormal na talakayan na nagsisimula sa PASA-MENSAHE tuwing umaga na nagmumula sa Punong Kumander at inire-reley sa buong elemento ng Platun. Kung may sitwasyong militar na pinakikitunguhan, BASA-MENSAHE ito na pinapasa sa mga pormasyon. Batay sa itinakdang paksa kada araw, ang mensahe na ibinibigay ng Kumander ay nagmumula sa mga mungkahi ng mga pantulong na kapulungan -- grupo sa pulitika, grupo sa panloob na seguridad, kabuhayan, medikal, at ng mga opisyal at mandirigma ng NPA. Halimbawa, sa araw ng Lunes, Martes at Miyerkules ay nagbibigay diin sa aspetong militar, Huwebes at Biernes ay PADEPA at MLM, Sabado ay talakayang medikal at iba pang pag-aaral kaugnay sa mga pantulong na kapulungan, at tuwing Linggo ay kultural.

Sa pangunguna ng Pulitikal Instruktor at grupo sa pulitika ay nilalapatan ito ng *political inputs* at katanungan para maging gabay sa daloy ng talakayan. Karaniwan ay per tim ang talakayan, o di kaya ay kumbinasyon ng magkakaibang pormasyon. Pagkaminsan ay sa buong Platun din.

"Ano ang intindi?," karaniwang tanong para simulan ang talakayan. Halimbawa, matapos talakayin ang rebolusyunaryong talambuhay ni kasamang Jose Maria Sison, ang pasa mensahe kinabukasan ay "puspusang magpanibagong hubog." Ang *political input* ay "Gawing halimbawa si kasamang Jose Maria Sison na tinalikuran ang mga materyal na batayan ng kanyang uring pinagmulan." Para dumaloy ang talakayan, ang gabay na tanong ay "anong materyal na batayan ng uring iyong pinagmulan ang hindi mo pa lubusang naitatakwil? Bakit?" Ang mga tagapagpadaloy ay may panimulang oryentasyon kung ano ang gustong matamo

sa impormal na talakayan. Higit pa sa pag-unawa sa rebolusyunaryong teorya, naiuugnay ito ng mga kasama sa sariling karanasan at malayang napagtatalakayan ang mga kahirapan kaugnay sa pagpapanday ng proletaryong paninindigan, pananaw at pamamaraan sa rebolusyon na pinaka-ubod ng pagpapanibagong hubog.

Pagkaminsan ang input ay panooring dokumentaryo o pelikula na tinawag ng mga kasamang OPKAT-NOOD. Karaniwang tanong kung ano ang mga eksenang nagmarka sa pinanood o nahalaw na aral; o di kaya ay sa mga karakter sa pelikula, kanino mo maihahambing ang iyong sarili at bakit?

Kailan lang ay pina-OPKAT-NOOD ang talumpati ni Ka Benito Tiamzon sa pagbubukas ng ika-dalawang kongreso ng PKP noong 2016. Naging Daluyan ang OPKAT para mailahad ng mga kasama ang kanilang pag-intindi sa kabuluhan ng Ikalawang Kongreso ng Partido at mga tumimong aral sa mensahe ni kasamang Laan.

Ang OPKAT ay praktikang sinimulan ng mga kasama sa Kanlurang Gitnang Luzon noong 2018 na isinapraktika na rin ng mga yunit ng NPA sa buong Gitnang Luzon. Hindi ito pamalit sa pormal na pag-aaral at pagsasanay, kundi pansuportang talakayan para higit na maintindihan ng mga kasama ang mga saligang konsepto, tuntunin at mga terminolohiya, at maiuugnay sa sarili nilang karanasan. Pagtitiyak din ito sa makabuluhang integrasyon sa pagitan ng mga kasama. Kalimitan, mas nakakapaglahad ng kanilang saloobin ang mga kasama sa OPKAT. Agad inuulat sa Pampulitikang Instruktor ang resulta ng bawat OPKAT upang maagap na bigyan ng matamang pansin sa angkop na kapulungan ang mga usapin o isipin na nailalahad ng mga kasama sa talakayan.

Ang OPKAT ay isa lamang sa malikhaing pamamaraan ng pagtataguyod ng gawaing pampulitika sa hanay ng Hukbo sa Gitnang Luzon. Inaanyayahan namin kayong maging bahagi nito. Halina at maging pulang iskolar sa NPA-Gitnang Luzon.

# Yin-Yang

I. Kami may mga kinaiya nga mapinalanggaon
prangkador pero malipaton
kun indi madala maemotion
kag dira magguwa ang reaksyon
pero padayon kami nga malig-on

II. May tahas kami nga ginapatuman
Pag-organisa,pag-edukar para sa pag-sulong
sang armadong rebolusyon
suportado sang pagpalangga sang pamilya kag masa
Bugana sa serbisyo Medical para sa ila

III. Gusto namon nga lab-uton ang estratehikong pagkapatas
Paano atubangon nga positibo kag negatibo sa amon tahas
Matigayon ini sa aton nga kakahas
Sa mga pagtuon kag pagpangusisa nga matalas

IV. Ang problema sang Partido, kolektibo, pamilya kag masa
Upod sa adlaw-adlaw nga amon ginaabaga
Pero kami may ara nga paghiliusa
Para malab-ot ang aton nga perspektiba

V. Ang amon mga natun-an kag mga leksyon
Nagahatag sa amon sang kalig-on
Kinahanglan magtindog sa kaugalingon
Ang mga problema ipaabot sa organisasyon
Agud mangin malig-on kag magpadayon sa pagREBOLUSYON!





**Yin-Yang**

I. Likas kaming mapagmahal
prangka pero makalimutin
Kung hindi madala, na-eemosyon
At diyan lalabas ang reaksyon
Pero patuloy kaming nagpapatatag

II. Mayroon kaming tungkulin na ipinatutupad
Pag-organisa, pagbibigay ng pag-aaral, para sa pagsulong
ng armadong rebolusyon
Suportado ng pagmamahal ng pamilya at masa
Bunga ng serbisyong medikal para sa kanila

III. Nais naming kamtin ang estratehikong pagkapatas
Paano haharapin ang positibo at negatibo sa aming atas
Magagamit ito sa aming kakahas
Sa mga pag-aaral at matalas na pagsisiyasat

IV. Ang problema ng Partido, kolektiba, pamilya at masa
Kasama sa binabalikat namin araw-araw
Ngunit mayroon kaming isang pagkakaisa
Upang maabot ang ating perspektiba

V. Ang aming mga natutunan at mga aral
Nagbibigay sa amin ng lakas
para makatatayo sa sarili
Ang mga problema ay ipinaabot namin sa organisasyon
Upang maging malakas at magpatuloy sa pagrebolusyon!

# For We Are the People's Army

*Ni Ka Emil, March 29, 2021, Mountain Province*

*We can transform treacherous mountains into trustworthy hills,*
*Dangerous cliffs into safe clearings,*
*Dark, cold rivers into rejuvenating springs,*
*For we are the people's army*

*We can make frozen stones into warm hearths,*
*Bitter-tasting wild plants into nutritious meals,*
*Prickly pine needles into soft beds,*
*For we are the people's army*

*We can turn fierce giants into inutile paper tigers,*
*A few, seemingly weak bugs into a million-swarm of strong bees,*
*Imprisoned minds into liberated fists,*
*For we are the people's army*

*We can change serfs and slaves into lords of their own lands,*
*Massive hunger into feeding of the multitude,*
*A land full of suffering into a nation of bountiful harvests,*
*For we are the people's army*

*With the masses we are invincible*
*They are the reason of our being*
*With the masses, we can do what is seemingly impossible*
*For we are the people's army*

## Sapagkat Tayo ang Hukbong Bayan

*Ni Ka Emil, Marso 29, 2021, Mountain Province*

Nagagawa nating maging mapagkakatiwalaang mga burol ang taksil na mga bundok,
Mga ligtas na tigilan ang mapanganib na mga bangin
Nakasisiglang balon ang madidilim, malalamig na ilog,
Sapagkat tayo ang hukbong bayan

Nagagawa nating maiinit na apuyan ang mga tumigas sa lamig na bato,
Masusustansyang pagkain ang mapapait na mga ligaw na halaman,
Makakating mala-karayom na dahon ng puno ng pino sa malalambot na kama,
Sapagkat tayo ang hukbong bayan

Mababangis na higante'y ginagawa nating tigreng papel,
Ilang animo'y mahinang kulisap, ginagawang milyong-kawan ng malakas na mga bubuyog,
Bilanggong mga isip tungo sa pinalayang mga kamao,
Sapagkat tayo ang hukbong bayan

Nagagawa nating baguhin ang mga kasamá at alipin
tungo sa mga panginoon sa sarili nilang lupa,
Ang laganap na gutom tungo sa pagpapakain ng marami,
Isang lupang puno ng pagdurusa sa isang bansang may masaganang ani,
Sapagkat tayo ang hukbong bayan

Kasama ang masa, hindi tayo mapipigilan
Sila ang dahilan ng ating pagkatao
Kasama ang masa, magagawa natin kung ano ang tila imposible
Sapagkat tayo ang hukbong bayan


KT | 043022

# Ang litnum at ang gera

Kagaya ng litnum ang pakikigera
Hindi ang mga mamahaling kagamitan ang nagtatakda sa tagumpay
Kundi ang kapasyahan ng mag-aaral.

Minsan naisip kong mas gusto ko na lang makigera kaysa mag-aral ng literasiya
Di hamak naman kasing mas madaling makilala ang kaaway kaysa sa napakaraming letra
Mas madaling kalabitin ang baril kaysa hawakan ang bolpen.
Pinupulikat ang aking mga daliri.
Nandyan naman ang mga kasama, kayang kaya nila.
Kahit paano marunong na kong magbasa at sumulat ng mga salita

Nguniy minsa'y napagtanto ko ring ...
Magkapareho pala ang pag-aaral ng literasiya at pakikigera
Hindi sapat ang masapatan sa kung ano ang alam na
Pagkat araw-araw umuunlad ang gera
Hindi tayo minamaliit ng kaaway
Kaya dapat higit na magpakahusay
Kapwa sa teorya at praktika
Pagkat ang gera, hindi naipagtatagumpay ng himala o ala tsamba
O sa simpleng husay sa pamamaril
Ito'y isang syensya, isang sining
Na kailangan ng pagkukunot ng noo at malalim na debosyon
Pagkat sa bawat pagkwenta at pagpapasya, buhay ng mga kasama at masa ang nakataya.
Sa bawat pananamlay, lumalayo ang tagumpay.

Kaya naman, hamon sa aking sarili at mga kamag-aral,
Bihasa man sa pagbabasa o nakikigera pa sa mga letra
Matiyagang mag-aral, huwag magsawa
Mangahas matuto kahit nabubulol pa
Huwag mainip, huwag mahiya kung ang sulat ay tumatabingi pa
Ang pag-aaral ng literasiya ay parang matagalang digmang bayan
May katagalan pero tiyak ang tagumpay
At higit sa lahat, kapasyahang matuto ng kolektibo ang mahalaga
Maging guro at mag-aaral ng isa't isa at ng masa.

Kaya't tayo nang mag-aral at makibaka!

# Matematika ng kusina

Anong halaga
Ang ginagampanan
Ng mga nagtataguyod sa kusina
Sa pagbibigay sigla
At pangangalaga sa bawat
At lahat ng mandirigma

Maingat na sinasalansan
Ang mga kagamitan
Sangkap, putahe't ulam
Para lamnan ang kumakalam
Na tiyan
Ng pagal na hukbo ng mamamayan

Langkap ng pagmamahal
Ang paghiwa ng karne't isda
Hinihimay ng buong husay
Ang bawat produksyong gulay
Maingat na binabalanse
Ang asim, tamis at alat
Para sapat na maihain
Sa panlasa ng lahat

Pinakamainam ang sariwa
Upang katasin ang protina't bitamina
Hinahati-hati at tinitiyak
Na makakatikim
Kahit na kaunti
Ay napagkakasya din
Kasabay ng matamis na ngiti

Malinaw ang tungkulin
Na ang kalusugan ay kalingain
Dahil sa tibay ng paninindigan
Na ang tanging batayan
Sa pagrerebolusyon
Maliban sa matalas na kaisipan
Ay ang matibay at malusog
Na pangangatawan

Susukatin ang pormula
Inilulugar ang syensya
Sa paglalapat ng matematika
Sa araw-araw na praktika
Ng pakikidigma sa kusina
Dahil hindi dapat mawala
O kaya'y ipagwalang bahala
Ang diyalektika ng teorya't praktika

# Anghel Dela Guwardia

*ni Seed Sumibol*

Alas tres kwarenta ‘y singko, makapal ang batukan ng aso. Pinasiyasat ang ilaya ng lupang inararo. OBSERBASYON: Kalastian sa unahang kubo.

ABA, GINOO!

Sa pinakamalapit na kanto, maririnig ang sunod-sunod na paghinto ng mga sasakyang bumilang ng pito. Lulan ang pasistang pulis at sundalo.

PUNONG-PUNO!

Samantala, sa lugar kung saan nagkagulo, ang CO ay hindi makuntento sa iniulat na resulta ng mga nagklaro. Ginising ang lahat ng kanyang elemento, pinapakat at kagyat pinagtaas ng alerto.

SUMASAIYO!

Bumukas ang pinto, lumabas ang Anghel na isinugo.‘Wag ka nang magloko! Nasaan ang hukbo?’, tanong ni Poncio Pilato.‘Doon po,’ sagot ng Anghel na sa ibang direksyon itinuro. Yagyag ang mga Lucifer sa lugar na hindi na eksakto, di magkamayaw sa pagkuha ng litrato.

Aba, mga Ginoo! Napuno ng bakas ng combat ang kalapit ninyong puwesto! Strike Operations ang planong sumainyo. Pinagpala kayo’t limampung metro lang ang layo, ay hindi napasubo sa tiyak na peligro!

Anghel dela Guwardia, tagapagligtas ng Hukbo, niyakap mo nang mahigpit ang prinsipyo ng Partido. Tunay ngang hindi lang bantay ng pormasyon ang sa atin ay sasaklolo, kundi ang mahigpit na pagtuwang ng mga anghel na walang halo. Kayo ang magpoprotekta at magbabago sa mundo.

Amen.

# Lupang Ninuno, Ipaglaban

Lupang aming hinawan
Daang-taong pinaunlad
Magiting na dinepensahan
Laban sa dayong mga gahaman
Ngayo'y muling kinakamkam
Ng iilang ganid, mayayaman

Lupang binubungkal
Kanilang tinawaran
Upang bigyang-daan
Eko-turismo't minahan
Kaunlaran ng iilan
Kamatayan sa Dumagat

Koro:
Hasain na ang mga sundang
Patalimin ang pana at sibat
Bato, piko, kahit palakol
Gamitin sa pagtatanggol
Wala nang ibang paraan
Wala nang aasahan pa
Lupang ninuno, depensahan
Ipaglaban hanggang kamatayan!

Balang may asukal
Pambusal ng bibig
Upang tayo'y manahimik
Butil ng bala
Sa mangahas magsalita
Sa mangahas na mag-alsa

Rebolusyonaryong dahas
Tanging magwawakas
Sa estadong marahas
Tribung Dumagat,
Magkaisa, mag-armas

*Marso 30, 2023*
*Tula na balak gawing kanta. Itinanghal sa ika-54 anibersaryo ng hukbo.*



# Todtod: Tatama rin ako!

*ni Ka Ragas*

I.

Tod..tod..tod..tod.. (tunog ng ulan)
Maaga ang todo
Di pa ko nag-aalmusal, isang tasang kape
At natuto nang di magreklamo ang sikmura
Pero kailangan ko paring maggayak
At magtudtod sa maputik na gulod
Kakaasi/Kahambal hambal
Gutom na gutom si baket at mga anak ko

Tod.. tod..tod..tod..tod.. (tunog ng pagtataga)
Di pa kami tapos sa paglalamun,
Sa maghapong pagtodtod
Humahapdi ang gulugod
At maga na ang tuhod
Apat na kilo lang ang maiuuwi ko
Walang luyang masuyod
Kalamna'y kumakalam
bagnas ng ling-et
At ulan sa buong katawan
Kakaasi/Kahambal hambal
Patay gutom akong tumatalunton sa ublag

Di pa makapagluto ang pamilya't
Wala nang tutong na makudkod
Dala dala ko palang kasi
Ang utang na
isang salop at Tatlong pares
Sa aming pitong mag-anak sa pitong araw
Pitong araw, pitong araw ring walang almusal

Di pa rin yata kami makakaraos?
Pambayad utang lang din ang aking kikitain.
Ito ang gabi-gabi kong iniisip
Bukas ay magtutodtod akong muli
Gigising ako nang alaskwatro
At di marunong magreklakmo
Ang pagal kong katawan
Nangangatog na tuhod
Isang tasang kape,
Alasdyis pa kakain ang mga anak ko
Asin, betsin at kamote
Di ako mag-aalmusal
At lulusong sa maputik na gulod
Iisang hapag, triple ang kayod
Gutom na gutom,
Gutom at pagod akong magtutudtod
Inaalipunga na ang paa ko't
Pasmado na ang kamay ko
Inuubo at sinisipon
Akong uuwi sa ublagan
Pero di parin sapat ang maiuuwi ko



Kakaasi/Kahambal hambal
Di na makapagluluto ang pamilya ko
At ilang gatang nalang ang aming bigas
Tirang Kamote't minsan walang asin
Kakaasi/Kahambal hambal
At kami'y gutom na malulubog sa utang
Kakaasi/Kahambal hambal
Kaming maghuhukay ng pag-asa
At kami'y magtutudtod nang gutom.

Kahit isang beses
Sana "tumama ako"

II.

Humpak palang ang laya
Nagbubundatan na ang mga komersyante
Di pa naglilihi ang palay
Buntis na ang bulsa ng negosyante
Sa surong, barya lang ang hilaw nating kalakal
Sa bayan, mahal itong nailalako
-Patungong malayang palengke
na magkakahalaga ng napakamahal
Dulot ng mga patakaran sa agrikulturang liberal
-at ang iba'y
Pang-eksport sa dayuhang kumpanyang hangal
Na nagpoproseso ng labis na produktong kumersyal
- at ang huli'y bibilhin
Ng burgis/mayayaman para sa diyetang pansosyal

Sa buong bayan, matitira'y gawat!
Itinatago nila
ang malaking deposito ng pagkain
Para sa dambuhalang tubo sa komersyo
Sinasadya nilang mahigpit na
Mangunyapit ang buhay natin sa pera't
Mamalimos sa pagtaas ng presyo
Ng ating produkto,
Tumanghod sa harap ng kanilang palasyo't
Makatikim ng pabuyang monay at kape.
Mga kasama! Talagang sadya tayong
Ibinabatad sa pagsasamantala
At nakayungyong
sa kanilang pribadong pag-aari!

Palagi nilang sumbat sa'tin:
Akin ang bundok na inuuma mo!
Akin ang lupang sinasaka mo!
Akin ang patubig sa surong mo!
Akin ang abonong ginagamit mo!
Akin ang pestisidyong sinasaboy mo!
Akin ang pautang na inaasahan mo!
Akin ang binhi ng inaani mo!
Akin ang puhunang bumubuhay sa iyo!
Ako ang pinginoong may lupa mo!,
Kaya..
Akin ang bunga ng lahat iyong paggawa!

Iisa lang din ang ating sigaw:
Kami ang nagpapagod at nagpapakasakit
Kami ang lumilikha ng
pagkain at yaman ng lipunan
Nagpapatakbo dito at bumubuo ng mayorya
Kasama namin ang manggagawa at
Kami'y magbabangon at
Kami ang babawi, di na sa inyong ninakaw
Kundi sa daan taong pagsasamantala't
Kalayaang dapat naming tinatamasa!

III.

Tod..tod..tod..tod!
Naririnig mo ba?
Tod..tod..tod..tod! (Tunog ng nagmartsa)
Lumalakas at dumaraming
Yabag ng mga taong nakayapak
Yaong mga nagmula sa uma
Yabag na sa imperyalista'y sumisindak
Tod..tod..tod..tod!
Naririnig mo ba?
Ang panginginig ng pitak
Tuwing dinudukal nila ang lupa
May apit para sa digma
Tod..tod..tod..tod!
Naririnig mo ba?
Ang nag-iisang sigaw,
Sigaw na nagpupumiglas
Laban sa panginoong may lupa!

Tod..tod..tod..tod
Naririnig mo ba?
Pumapatak na ang todo
Ngayong gawat ng agosto,
Nakatutok sa mga bayarang sundalo
Ang isyu kong m14
Tiyak tatama rin ako!
Tod...todtod..todtod! (Pagputok ng baril)

*Agosto 18, 2019*
*Taltalon 12:39am*



# Nang Magbangon ang mga Api

*ni Ka Yuhim Isog*

*Ito ay halaw sa tunay na buhay ng mga masang nakikibaka sa kanlurang plangka ng Gitnang Luzon. Ang mga pangalan ng mga pangunahing tauhan ay sadyang hindi tinukoy sa mga kadahilanang panseguridad.*

Pulang-pula at sumisingasing sa galit na mukha ng panginoon. Pero nang mga sandaling iyon, walang maibulalas na katapangan ang kanyang bibig. Hawak ang kapirasong papel at bolpen ay nanginginig pa ang kamay na isa-isa nyang inilista ang mga pangalan ng mga lider magsasaka na walang pag-aatubiling nagpakilala pa sa kanya. Nagmistulang estatwa naman ang kanyang mga disipolong maton habang inaantay ang imamando ng kanilang panginoon.

Patirik pa lang ang araw noon. Sinorpresa ng hindi bababa sa 40 masang katutubo mula sa 3 tribu ang panginoong maylupa na si Mr. Onyok at ang kanyang mga maton. Walang sabi-sabing winasak nila ang mga bakod at pinagbubunot ang mga poste.

Tinangka niyang pigilan ang mga ito. HOY, HOY, MGA BALUGA! ANONG GINAGAWA NYO? TIGILAN NYO YAN! TIGILAN NYO YAN! Pero tila bingi ang mga masang katutubo sa kanyang dumadagundong na boses (sfx).

Habang abala ang karamihan, hinarap siya ng mga lider katutubo. SA AMIN ANG LUPANG ITO. KAYA SA ARAW NA ITO AY AMING BINABAWI ANG LUPANG IYONG KINAMKAM.

Walang naisip na isagot ang panginoon. Sa dako roon, kanyang namataan ang ilang mga katutubong nakayukod sa mga pilapil na may dala-dalang bonghat.

AYAW KO NG AWAY. KUNIN KO NA LANG ANG INYONG MGA PANGALAN, ang tanging naisambit ng panginoon sa boses na biglang nabasag.

(ulitin: sa boses ng biglang nabasag:)

AYAW KO NG AWAY. KUKUNIN KO NA LANG ANG. INYONG..YONG. MGA PANGALAN.

Nayanig ang langit sa pagbabangon ng mga api. (sfx)

Itong panginoong natakot mapatalsik sa trono, agad naghanap ng kakampi at gagawing mersenaryo. Kumpare nyang si kapitan agad sumugod sa tribu. (music/ sfx entrance)

Kanyang nadatnan mga masa'y nagsisimula nang gumawa ng bahay. Naninikluhod ang kanyang boses na nakikiusap.

HINAY-HINAY LANG MGA MAHAL KONG KABABARYO. TIGILAN MUNA NINYO ITONG TRABAHO. AYUSIN NATIN ITO SA MAHINAHONG PARAAN PARA WALANG GULO. AKO NA MUNANG BAHALA, MAGTIWALA SANA KAYO.

At napahinto nga mga masang katutubo. Itong nagsasalita'y kinikilala kasi nilang santo. Natapos ang usapan sa malalim na buntong hininga (sfx) at taimtim na dasal. (koro:) SYA NAWA, AMEN.

Subalit, makalipas ang ilang araw, sumambulat na kulog itong balita. (sfx) Ngalan ng mga lider katutubo'y nakatala sa Bibliya. Ang sabi, sila'y may sabpwena. "DAMAGE TO PROPERTY" ika banggit ng nakasulat. PAGKAKASALA'Y MATUTUBOS NG DALAWAMPUNG LIBONG PISO BAWAT ISA. KUNG HINDI, KAYONG PINAGPALANG NAKATALA AY MAKUKULONG. SA SALA NG HUSGADO KAYO'Y PUMARITO AT KUNG HINDI KAYO'Y IPAPAARESTO.

Ang mga tribu'y nagulantang. (sfx) Hindi nila napaghandaan itong tusong hakbang. Saang sulok ng kabundukan nila makakalap ang halagang dalawampung libong piso? Presyo ng puso ngayon ay singkwenta pesos lamang kada sako. Wala nang palay na mababayo. Halaga ng karne ng baboy dikut ay siento singkwenta pesos lamang kada kilo. Said na ang laman ng kamoteng kahoy. Lipas na ang mga

pananim sa uma
... Sandaling nagnilay-nilay ang mga masang nasasakdal. At sa huli'y umabot sa isang pagpapasya.

Dumating na ang araw ng pagtutuos. (music/sfx: ) Lulan ng 1 dyip, (sfx) mga masang katutubo'y sisksikan sa loob. Meron pang nakasabit at nasa taas ng bubong. Pagdating sa bulwagan ay agad nagpalinga-linga.

Napurnada na! Pangakong abugado ng NCIP ay wala pa. At wala na yatang balak magpakita kahit man lang bula. Sugod ang mga masa sa munisipyo! (sigaw: sugod!)

Si Mayor ng marinig ang kanilang kwento, napabilib sa mga katutubo. Itong mga kaharap niya'y may pinaglalabang prinsipyo. Ang lakas ng kanilang pagkakaisa ay nagbunga ng isang alyado. Kaagad silang binigyan ni mayor ng isang abogado.

Walang bolahan o masikot-sikot pang usapan. Kaagad nilang inilahad ang aping kalagayan. Payak, matapat at matalas na propaganda-ahitasyon ang umantig sa damdamin ng abugadong peti-burges. Nakabig ang kanyang simpatya at nanindigan sa panig ng mga api. Kaagad ay nangakong ipagtatanggol sila sa hukuman ng mga poon.

Nagmartsa na sila ngayon patungong sala ng hukom. (music/sfx) Sa loob ng malamig na kwarto, nasa sentro ang hukom at sa isang tabi, naroroon ang panginoong si Onyok. Posturang mayabang, nakataas pa ang noo. Pero nang makitang sumisikip na ang kwarto sa dami ng mga katutubo ay nagbago ang anyo. Butil-butil ang pawis, sapu-sapo ang dibdib.

Napansin ng hukom ang kalagayan ng panginoon. LUMABAS MUNA KAYO'T MAGHINTAY NG TAWAG. HUWAG KAYONG TATAKAS KUNG AYAW NYONG MAKULONG.

Pansamantalang nilisan ng mga masa ang kwarto ng hukom. Sa labas tahimik ang lahat. Ang ilang nasasakdal ay nangangatog na ang tuhod, malamig kasi doon at hindi pwedeng magdapog. Ang iba naman'y pinagpapawisan na ng malapot masikip kasi ang lugar, sa dami nila ay kulang ang espasyo. Ang lider ang bumasag sa katahimikan.

KUNG MAKUKULONG TAYONG LAHAT, IPAPAKIUSAP KO SA HUKOM NA PAUWIIN KAYO AT AKO NA LANG ANG IKULONG. Kaagad na sumagot ang isa. HINDI! KUNG ANG MGA LIDER AY IKUKULONG, PAKUKULONG NA TAYONG LAHAT! Agad namang sumigunda ang iba pa. WA, WA! PITIG YA HABAIN. PAKUKULONG NA TAYONG LAHAT!  NAKU, AKO NA LANG!, banggit uli ng lider. KASI PAG AKO LANG MAG-ISA ANG NAKULONG AT KAYO AY MALAYA, MARAMI KAYONG MAGHAHANAP NG AKING PAMPYANSA! (sfx: tawanan)

Tawanan na ang lahat. Natigil lamang ang kasiyahan nang muli na silang ipatawag.

Tinawag ang mga nasasakdal. (sfx: pokpok ng judge)

Kahit kinakabahan ay pumaroon sa harapan ang mga lider. At sinimulan na ang padasal. Upps, englis ang litanya.

Matapat na nagsalita ang mga katutubo. PASENSYA NA KAGALANG-GALANG NA HUKOM. KAMI PO'Y HINDI NAKAPAG-ARAL DAHIL SA MATINDING KAHIRAPAN. SALITANG BANYAGA, DI NAMIN MAINTINDIHAN.

Sige,sige! Ano palang gusto nyong lenggwahe? Tagalog o kapampangan? tanong ng hukom. KAPAMPANGAN!, sabay-sabay pang sagot ng mga katutubo. Kaya ang nangyari, naging kapampangan ang usapan sa kurtrum.

Sinimulan na ang paglilitis. *Tutu pen a makabonet kayu enyang minta keng bale ni Mr. Onya?*, tanong sa lider. *ALI PU. MISABI KAMI PEN! At parang nagrorosaryong tumugon ang iba pa. WA! WA! PITIG YA HABAIN! PITIG YA HABAIN* At ganon na nga ang nangyari. Sa bawat tanong, di lang lider ang sumasagot. Hindi mapigil ng

hukom maging ng tagapamayapa ang mga masa na magsalita kahit hindi sila ang nasasakdal. (sigaw: Order, order in the court! Manahimik. Sa kapampangan)

Sa paglilitis na iyon, binigyang linaw ng mga masang katutubo ang misteryo ng kanilang kahirapan at pagpapakasakit. Pangangamkam ng lupa ni Onya, sa korte nabulgar!

Sapu ang dibdib na para bang aatakehin ng sakit sa puso, nagmistulang impyerno para kay Onyok ang mga sandaling iyon. Bigo ang panginoong turuan ng leksyon itong matatapang na mga katutubo. At para naman hindi tuluyang magdilim ang langit, itong hukom nagbaba na ng hatol. (sfx: pukpok) *O SIGE, EH DAKO KAYU PAKULONG NGENI PERO PAG INULIT NYO PA ING PANIRA ING ARI-ARIAN, PAKULONG DA KAYU. NUNG KE KAYU YA ING GABON, MAGDEMANDA KAYU!*

Pinagbunyi ng mga masang katutubo ang di nila pagkakulong. Pero itong babala sa isip nila ay nagmarka. Paano na ngayon? Paano na nila mababawi ang lupang kinamkam? Alam nilang hindi sapat na may atorni na silang kaibigan para ilaban ang kaso sa korte. Naalala nila ang sabi ng mga kasama noon. KILUSANG MASA LAMANG ANG MAKAKAPAGPANALO NG LABAN NA ITO. Pero paano nga ika kung gagamitan na sila ng batas?

Kaya ganon na lang ang kanilang tuwa nang ang  kanilang hukbo'y dumating na. (music: narito na ang hukbo namin) BAKIT NGAYON LANG KAYO ABE? ang kanilang bungad kasabay ng mahigpit na pakikipagkamay. Nagmistulang piging kaagad ang pagkikita kahit murang saging lamang na nilaga ang kanilang pinagsaluhan. At kahit walang kapeng pampainit sa sikmura, nagliliyab na dapog ang nagdagdag init sa maalab na balitaan. Nang gabing iyon, ang hukbo at masa ay magkasanib na nag-aral ng rebolusyonaryong karanasan. Sa pamumuno ng Partido, matalas na nalagom ang mga aral sa pakikibaka.

Binati ng Partido at hukbo ang mga masa sa kanilang matagumpay na pagkilos. Nang magbangon ang mga api, nayanig ang langit (sfx) at nangatog ang tuhod ng panginoon. Ang pagdulog sa korte ni Onya at paggamit ng reaksyonaryong batas ay patunay lamang sa pagkilala ng panginoon sa kapangyarihan ng nagkakaisang

lakas ng mga katutubo. Ang pagkakaisa ding ito ang nakahamig ng suporta ng ilang pulitiko at abogado. Ito rin ang naging makapangyarihan nilang sandata sa pagharap sa husgado. Kaya may dapat pa bang ipag-alinlangan?

Pinatunayan ng mismong rebolusyonaryong karanasan nila kung gaano kalakas na sandata ang sama-samang pagkilos. Muli silang tinanong ng mga kasama. KAYO BA'Y PURSIGIDO PANG BAWIIN ANG LUPANG KINAMKAM NI ONYA? Iisa ang tono at sabay-sabay pa ang kanilang sagot. *WA! WA! IPAGLABAN TAMU ING LUTA TAMU!*

Sa pamumuo ng Partido ang hukbo at masa ay nagkunot ng noo, nagsunog ng kilay sa pagbubuo ng pagkakaisa. Tinanglawan sila ng rebolusyonaryong teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo sa pagbalangkas ng plano sa pagkilos. At ito na ang kanilang mga napagkaisahan.

• Pulungin uli ang mga tribu at ipamalita ang ating tagumpay!
• Ihandang muli ang mga masa sa gagawing pagbawi. Mas maraming mga tribu ang kalahok, kasama ang mga kababaihan at kabataan.
• Mas matatag at malakas na kilusang masa ang ating katugunan sa anumang panggigipit ng reaksyonaryong batas.
• Armadong pakikibaka ang katapat ng reaksyonaryong pandarahas.

At bilang suporta sa pakikibaka ng mga masang katutubo, ginawaran ng Demokratikong Gubyernong Bayan sa pamamagitan ng Bagong Hukbong Bayan ng 'babala' ang panginoong si Onya sa kasong pangangamkam ng lupa at panggigipit sa mga masang katutubo. Ano pa mang kontra-mamamayang kanyang gagawin ay tiyak na kanyang pananagutan sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan.

Hindi pa rito nagwawakas ang ating kwento. Kaya kung gusto niyong masubayabayan ang susunod na kabanata sa buhay pakikibaka ng ating mga rebolusyonaryong masa, maging masikhay sa gawaing masa. Huwag kalilimutan ang linyang masa.


LRP

# GM, Kasal, TO

*ni Ka Lino*

"Ingat sa lakad, mga kasama! Kitakits sa susunod na linggo. Babay!" dala tukso ni Ka Day sa mga nagdadalamhating myembro ng isang iskwad.

"Dugang kadasig sa lahat at mag-ingat tayo palagi!" pampalakas ng loob ni Ka Emm sa mga kasama habang nagkakamayan.

Agosto 2020, natapos na ang pulong ng komite ng seksyon na namamahala sa isang platun ng BHB sa lalawigan ng Surigao del Sur. Naibahagi na rin sa platun ang pangkalahatang programa sa loob ng isang buwang gawain. Ayon sa panawagan, kailangang makapaglunsad ng BTO (batayang taktikal na opensiba) ang platun at makakasa ng sariling TO (taktikal na opensiba) ang mga iskwad. Ang platun ay hinati sa dalawang relatibong malakas na iskwad upang isagawa ang pangunahing gawain at tugon sa paraan ng dispersal. Sakop ng kanilang gawain ang tag-iisang magkalapit na bayan, sa kahabaan ng haywey at baybayin, at ekspansyon na erya. Sa lunsod ng B* natalaga ang Iskwad Uno na pinamumunuan ni Ka Day, katimbang si Ka Man bilang VSL-1 (*vice squad leader*), Ka Yer bilang VSL-2 at si Ka Wena bilang PI (pulitikal na instruktor). Habang nasa bayan naman ng L* kumikilos ang Iskwad Dos na pinamumunuan ni Ka Jems at kanyang PG (pulitikal na giya) na si Ka Rose. Dito rin nakalubog ang platun lider na si Ka Emm at ang upisyal paniktik ng platun na si Ka Len.

Sa unang linggo pa lamang ng buwan, pareho nang nadugtungan sa dalawang iskwad ang masang makatutulong sa kanila para sa dagdag na pagpamilyarisa sa lugar at pagkilala sa iba pang mapagkakatiwalaang residente. Nakakuka na rin ang Iskwad Dos ng mga pasiunang datos sa mga target-militar na kanilang pinag-aaralan. Samantala, tuluy-tuloy na naglulunsad ang Iskwad Uno ng pampulitikang pagsisiyasat sa lugar. Diin nito ang pagkilala sa mga armadong grupo at indibidwal na nakatira sa lugar.

Sa pangalawang linggo, nag-updeyt si Ka Day sa mga pagsusuri na kanilang

nakuha. Hindi na pinaluwagan ni Ka Emm ang pagpalow-ap at paggabay sa grupo ni Ka Day matapos matanggap ang ulat. Pinayuhan niya ito kung ano ang mainam na gawain para maging kongkreto ang porma ng mga plano.

"Ako ang bibisita diyan, kas," pagboluntaryo ni Ka Yer matapos ipinaabot ni Ka Day sa kumand ang utos. "Madali lang yan! Magdadamit lang ako ng seksi, may kasamang meyk-ap at dalang kembot. Oh di ba, di na mahahalata," pabaklang sabi nito. Dahil mapagkakatiwalaan naman siya sa ganitong mga gawain, pinayagan si Ka Yer ng grupo.

Sa kabilang banda, nabuo na rin sa Iskwad Dos ang pangkalahatang datos sa galaw ng kanilang pinag-aaralang target. Siniguro na ng masa ang kanilang papel sa pagmonitor ng mga kilos nito. Nasarbey na rin ang paborableng pusisyon para sa operasyon. Sa pangatlong linggo ng buwan, binalangkas na ang mga plano sa operasyon at pinorma na ang 12-operatibang yunit para sa pagkasa nito. Ilang beses silang naglunsad ng *dry-ran* alinsunod sa senaryo A, B, at C. Handa at determinado ang Pulang hukbo na maparusahan ang target na matagal nang kahilingan ng masa. Ang iskedyul na lamang sa kilos sa target ang hinihintay sa linggong iyon.

Isang hapon, sinalubong ng dalawang kasama ang masang bumili ng ulam para sa kanila. Gusto sana nitong sumama sa posting (temporaryong kampo) pero hindi na ito pinayagan ng kumand para hindi na nito makita kung saan at kung sino ang mga kasama. Pagsisiguro ito ng seguridad sa paparating na operasyon. Matapos tumawag ang mga kasama sa kanilang kasalubong, nakatawag din agad ang isa pang masa.

"Dalawang motor, apat na tao ang sakay, walang uniporme pero siguradong taga-brigeyd, at ngayo'y papunta sa ating pinagsalubungan," balita ng masa na tumawag sa mga kasama.

Nagmadaling pinaalam sa mga kasamang sumalubong na nandoon pa noong oras na iyon at mabilisan na itong bumalik sa posting. Sa normal na lakad, 30 minuto

lamang ang kanilang layo sa kinaroroonan ng sasakyan papunta sa kanilang posting. Bilang pagsiguro, nagdesisyon ang kumand na lumipat ng lugar na matutulugan at magmasid.

Maaliwalas ang panahon sa araw at gabi. Hindi umulan. Tahimig ang mga kasama sa pusisyon. Pansin kahit maliit na kilos sa palibot. Walang pwersa ng kaaway ang pumasok ayon sa halos tatlong araw ng pagmonitor ng masa kaya nagdesisyon ang kumand na magpa-recon ng isang tim sa paligid ng kanilang pusisyon.

"Ay! ang lapit lang pala ng pinagkampuhan  ng kaaway. Nasa likod lang pala nila tayo nitong damuhan. Halos 25 metros lang ang layo nila sa pusisyon ng Alpa tim. Parang dalawang araw na nakakampo," humihingal na pagreport ni Ka RJ sa kumand nang matapos ang pagrekon.

Nagpatawag ng pulong ang kumand habang tinatasa ang rekon tim. Nakita nilang hindi paborableng ikasa ang trabaho dahil sa pagbago ng sitwasyon. Hindi pa nila batid kung ano ang disenyo ng kilos ng kaaway sa lugar, at manipis pa ang mga masa na makakatulong sa pagmonitor nito. Kaya, nagdesisyon sila na mag-shift ng gawain habang magmasid sa galaw ng kaaway sa lugar na kinapapalooban.

"Ay salamat, nagkita uli tayo mga kasama. Kamusta naman? Dugang kadasig!" ang mapagkumbaba ngunit masiglang salubong ng isang kasama sa mga kasamang paakyat.

"Kunin ko na yang medikal pak na suot mo sa harap, para di ka mahirapan paakyat. Nariyan na ang poste sa ibabaw, dugang kadasig mga kasama!" tulong ng isa pang kasama sa mga kasamang medikal.

"Maraming salamat mga kasama," hinihingal na sagot sa mga kasama sa Iskwad Dos na paakyat papunta sa kampo ng Iskwad Uno.

Tatlong araw na naglakad ang Iskwad Dos para mabuo muli ang platun. Masaya ang mga kasama sa muling pagkikita. Halos hindi maputol ang usapan at

pagbahagi ng mga karanasan sa pagdispers. "Malaking digmaan talaga ang mangyayari nito ngayong buo na uli tayo, hahaha," patawa ng isang kasama sa Iskwad Uno.

"Aw, parang pahinga lang 'ata ito kas," sagot ng taga Iskwad Dos.

Matapos ang dalawang araw na nilaan para sa pahinga, paglalaba, pagligo, at asesment sa lakaran, nagpatawag ng pulong ang yunit kumand. Panghuling linggo na ito ng buwan ng Agosto.

********

Kinumpleto sa yunit kumand ang mga kinakailangan para sa TO at ginawa na ang mga replika ng target. Inatupag naman ng iba pang myembro ng KTSP, na pinadaloy ni Ka Wena, ang paghahanda sa mga kinakailangan para sa kasal ng magkarelasyong kasama sa hanay ng komite.

Sinamantala nila na wala pang galaw ang kaaway sa lugar at meron pang mga masang handang kumilos sa seguridad at suplay para sa darating na kasal. Abala ang lahat ng kasama, lahat ay may gawain. Limitado lang ang imbitasyon sa mga myembro ng pamilya at iilang masang kumilos para sa kasal. Kaya napagkasunduang kaunti at simple lang ang kailangang handa o suplay, para na rin maiwasang mabisto.



Napagkasunduan sa komite na pagkatapos ng araw ng kasal, magpupulong ulit ang yunit kumand para sa pagpinalisa ng TO. Matagumpay na nakasa at natapos ang kasal sa araw na itinakda sa unang linggo ng Setyembre. Kahit simple, maganda naman ang dekorasyon ng benyu. Halos maluha sa tuwa ang mga kasamang kinasal, matapos ang kanilang panumpa sa gitna ng seremonya. Kahit kontrolado ang ingay at boses, nakuha pa rin ng mga kasamang bigkasin ang "mabuhay ang bagong kasal!"

Nagtanghal rin ng ilang mga kanta at "koryo" (sayaw) ang mga kasama at iilang mga masa.

"Kas, ipaabot mo sa mga kasamang magligpit at uurong tayo. May nakitang mga kaaway sa ibabaw ng komunidad na malapit sa atin," pasa ni Ka Emm sa isang kasama sa kanyang tabi. Mabilis na nagligpit ang mga kasama sa mga gamit at pagkain habang mayroon namang tim na *look-out*. Dali-dali rin nilang binaklas ang mga dekorasyon sa benyu ng kasal. Wala pang 30 minutos, nakatiklop na ang mga gamit ng kasama at agaran nang nakaalis. Ang masang dumalo sa kasal ang siyang nakakita sa mga kaaway habang pauwi.

Sa simula ng pangalawang linggo ng Setyembre, walang tigil na ang labas-pasok ng tig-aapat na *undersized platoon* ng kaaway ang palitang kumikilos sa erya na lagpas o halos 20 araw. Sa tulong ng masa at mga kasamang pamilyar sa lugar, nakaiwas ang mga Pulang mandirigma na mapadepensiba. Naging bulag at bingi ang kaaway at napigilian itong matukoy ang kinaroroonan ng mga kasama. Mataas ang diwa ng Pulang hukbo sa pagharap ng mga paghihirap at sakripisyo. Tumaas rin ang antas ng kanilang disiplinang militar. Hinawakan nila ang pagiging makilos sa sikretong paraan. Ginamit ang araw at gabi sa kanilang paglipat para makalabas sa kahon ng kaaway.

Sa pagtatasang hindi magtatagal ang operasyon ng kaaway, nagdesisyon ang mga kasama na huwag nang maglunsad ng kontra-atake dahil maari itong makaapekto sa plano sa TO na halos handa nang ikasa. Ngunit, nang lumagpas na ito ng halos dalawang linggo, nagdesisyon na ang kumand na tutukan na lamang ang plano sa

BTO. Ayon sa kanilang obserbasyon sa kilos ng kaaway, kaya nilang maglunsad ng ambus. Kaya inihanda agad nila ang mga kinakailangan at sikretong pumasok sa eryang ginagalawan ng kaaway, at saka pumusisyon. Pero hindi dumaan ang kaaway sa kanilang inasahang daraanan ng kaaway kaya walang nangyaring sagupaan.

Malapit nang matapos ang buwan nang nagsilabasan sa erya ang laha ng pwersa ng kaaway na pumasok. Kaya, nagdesisyon ang mga kasamang magtungo na sa lugar na malapit sa prinsipal na target.

Sa paglipat, dama ng mga kasama ang grabeng pag-init ng paligid at pagbago nito. Halos kalbo na ang dating mga kakahuyan na ngayo'y dinaanan ng mga "farm-to-market road." Ang mga dating gubat at sakaha'y napalitan na ng mga punong palkata. Naranas man sila ng lamig at lilim, pero sa mga puno ng goma naman ang kanilang sinilungan. Tumawid sila mga grabadong daan patungong komunidad, at nakadaan tabi mismo ng komunidad. May mga masang papunta sa kanilang mga sakahan na nakasalubong ang hukbo, na pinagsabihan naman ng mga kasama na ipaglihim kung ano man ang kanilang nakita. Alas kwatro na ng hapon nang nakarating sila sa kanilang pinag-postingan.

Kinabukasan ng umaga, iniulat ng masa na may tatlong grupo ng kaaway ang pumasok sa baryo. Ang isang grupo nito ay nakita malapit sa komunidad na dinaanan, at siyang medyo napalapit sa mga kasama. Nagpulong ang yunit komand para tasahin ang *update* ng masa at ang mga posibleng implikasyon nito sa planong aksyong militar. Sa kanilang suri, posibleng may lumabas na istorya tungkol sa presensya ng mga kasama at posibleng aabot pa ng iilang araw ang operasyon ng kaaway. Nagbigay ng dalawang pagpipilian ang kumand: tamaan ang kaaway o hindi? Nagpatuloy ang bawat isa sa pag-iisip. "Malapit na tayo sa target. Kung walang putok na mangyayari, hindi ito mag-aalerto at mas malaking porsyento na mananalo tayo." Mas marami ang pabor sa hindi pagtira sa pumasok na kaaway.

Dahil dito, napagkasunduan ng buong platun ang dobleng paghihigpit sa

disiplinang militar para hindi matukoy ng kaaway ang kanilang kinaroroonan. Nakaposisyong pang-ambus ang moda ng platun para aktibo silang makadepensa at maagaw ang inisyatiba kung lumapit ang kaaway.

"Tatlong grupo na ang nakitang naglakad pababa malapit sa baryo, ulat ng masa ngayong hapon," sabi na Ka Emm sa yunit kumand.

"Pangatlong araw na nila ngayon. Posibleng lalabas na yan at wala naman silang namatyagang kapansin-pansin sa paggala nila," dagdag ni Ka Day.

"Dagdag na ipa-monitor lang natin sa masa ngayong gabi hanggang bukas kung lalabas nga ba talaga at kung wala nang kapalit na pumasok," dagdag ni Ka Wena.

"Ano na ba ang posible nating gawin bukas kung mangyaring wala nang kaaway sa loob?" tanong ni Ka Emm.

"Aw, 'wag na tayong mag-alangan pa, *go with the plan* na tayo," sagot ni Ka Len.

"Pwede naman sigurong magpulong ulit tayo bukas para sa pinalisasyon ng plano sa operasyon. Hindi pa naman natin natukoy kung sino-sino ang kasama sa operatiba," mungkahi ni Ka Rose.

"Syempre kasama talaga ako dyan," halos sabay-sabay na nagpresenta ang mga iskwad lider ng kanilang sarili. Pinaabot sa mga buong platun ang panghuling updeyt sa kilos ng kaaway matapos ang pulong. Nanatili silang tahimik at mapagmatyag sa pagsunod ng mga oryentasyong militar. Kinabukasan, Oktubre na.

*******

Habang naghihintay ng *update* mula sa masa na inikot ang paligid, nag-ulat sa kasalukuyang sitwayson ng pinag-aralang mga target. Unang nagbahagi si Ka Day. Positibo, hindi nag-alerto ang target at walang nadagdag na mga personel o armas. "Surf" ang binigay nilang koda para dito. Sa kabilang banda, iniulat rin ni

Ka Emm ang sitwasyon ng kanilang napag-iwanang target. "FM" ang binigay nilang koda para dito.

"Ayon sa masa, hindi na pumunta si FM sa lugar na regular niyang pinupuntahan kada linggo. Baka kasi nakahalata sa presensya natin doon. Pero atin pa ring bantayan ngayong linggo kung dadalaw ulit," update ni Ka Emm.

Natapos ang kanilang pulong bago pa man nagtanghalian. Napagdesisyunan nilang ikasa ang pagtira sa "Surf" sa linggong iyon. Natakda na nila ang taktikal na grupong may 16 personel pang-operatiba, mga pangangailangan para sa operasyon, at ang araw na paglalakad tungo sa target. Matapos ang tanghalian, nalaman na ng mga kasama ang tuluyang paglabas ng kaaway at natiyak na walang pumalit dito. Kaya, naghanda na agad ang mga napiling operatib sa Surf. Iniwan nila ang iilan sa mga personal na gamit, at dinala lamang ang pangunahin pangangailangan sa operasyon. Handa na sila umalis kinaumagahan.

"Kasamang Emm, may *update* sa Surf," sampit ni Ka Day. Malapit na ang alas syete ng gabi. Matutulog na si Ka Emm nang lumapit si Ka Day.

"Oh, ano bang bagong *update*?" Tanong ni Ka Emm sabay bangon sa kanyang duyan.

"May dumating raw ngayong gabi. Kinse na dagdag personel at may dalang isang 30 na *machinegun*. Ayon sa masa, regular daw nila ito na *augment*," sagot ni Ka Day.

"Mga ilang araw kaya yan sila diyan?" dagdag na tanong ni Ka Emm.

"Pinakamataas na raw ang isang linggo, pinakamababa ang limang araw," sagot ni Ka Day.

"Sige, dagdag monitor nalang tayo kung ano ang kilos nila para matantya natin kung may tagas ba tayo o wala. Bukas na lang siguro natin ipaabot sa mga kasama ano? Gabi na at tulog na rin ang karamihan," kalmadong sagot ni Ka Emm.

"Sige kas, yan nalang muna." Umalis na agad si Ka Day.

Kinabukasan, Oktubre 2, muling nagpulong ang yunit kumand. Matapos ang pulong, pinatawag nila ang mga operatiba sa Surf. Ipinaabot sa kanila ang napag-usapan ng kumand base sa bagong sitwasyon. Hindi matutuloy ang kanilang pag-alis.

Naintindihan naman ng lahat. Hindi maaring banggain ang kaaway kung ito'y malaki at malakas, at walang kasiguraduhang tayo'y mananalo. Matapos ang pulong, kinuha nila ang mga itinagong personal na gamit, at muling nilagay sa kanilang mga bag.

Tumunog ang *cell phone* ni Ka Emm. May dumating na text.

"Pupunta si FM ngayong petsa kwatro. Mainam na makuha na talaga natin ngayon kasi baka di na ito pupunta sa susunod na linggo. Tataas na nga pala ang posisyon niya't mapupunta na siya sa malayong lugar. Kung sa gayo'y mahihirapan na tayong makuha siya," teks ng masa na nagmamatyag kay FM.

Malapit na ang alas-2 ng hapon nang natanggap ang teks. Napaisip ng malalim si Ka Emm matapos mabasa ang mensahe. Matapos ang ilang segundo, tumayo ito mula sa kanyang poste, at ipinatawag ang kumand.

"Ikasa na natin 'to. Sayang at baka huling beses na 'to na dalaw ni FM doon," pabatid na suporta ni Ka Len, na sinuportahan naman ng iba pang kasama.

"Medyo malayo nga pala ang ating pinanggalingan. Kakayanin ba natin hanggang petsa kwatro? Kung sa susunod na araw ay aalis na ang mga nadagdag sa Surf? Sasamantalahin ba natin ang pagkakataon, kasi baka kikilos na naman ang kaaway. Alin ba?" tanong ni ka Emm.

"Parang kaya naman ang kay FM, kasi medyo kabisado na natin ang daanan. Kahit pa gabi tayo maglakad, obertaym kumbaga, makakarating siguro tayo doon,"

sagot ni Ka Shed.

"Mabilisang lakaran talaga 'to. Mga kabataang edad namang itong sasama. Si Ka Emm lang naman ang medyo...bata pa rin," natatawang biro ni Ka Len. "Babalik lang agad kami para makaalis ang para sa Surf."

Napag-isahang ituloy ang pagtira kay FM. Madaling ipinatawag ang 12 na operatiba para sa gawain. Dahil sa limitasyon ni Ka Emm sa mabilisang paglalakad, gustuhin man niyang sumama, ngunit pinili na lamang niyang magpaiwan kaysa maging bagahe sa grupo. Alas-4 ng hapon, umalis na ang mga operatiba at lumipat din sa kabilang tereyn ang mga kasamang naiwan.

Wala pang tanghali sa itinakdang petsa ay nakarating na ang operatiba sa pusisyon para sa pag-ambus ng target. Nakapusisyon na sa kani-kanilang sektor ang tatlong tim na pinanguluhan ni Ka Shed katimbang si Ka Len bilang PG at sentro ng komunikasyon. Dumaan na sa kanilang pusisyon ang target papasok sa lugar.

Pinagsikapan nilang hindi makatulog sa pusisyon kahit pa man kulang sila sa tulog buhat ng dalawang araw at gabi nilang paglalakad.

"Kailangang kayanin natin itong sakripisyo. Matagal na itong hiling ng masa at kailangan matagumpayan natin ang ating misyon. Dugang kadasig mga kasama!" paghihikayat ng PG sa mga kasama.

"Ok na, maghanda na kayo diyan at aalis na sila palabas. Dalawang motor pa rin ang *buddy*, sa unahan at huli. Nasa gitna siya, dalawa lang sila sa motor, at siya ang *backride*," teks ng masa kay Ka Len.

Kasama sa inilarawan ng masa ang kulay ng damit ng target.

Mabilis na pumusisyon ang mga kasama. Hindi nagtagal at narinig na nila ang

ingay ng motor at una nilang nakita ang target. Nauna na ito at siya mismo ang nagmaneho. "Iyan siya, ayan na siya!" sigaw ni Ka Len sabay putok ng kanyang armas tungo sa target.

Sumunod na ring nagpaputok ang mga kasama. Habang mabilis na iniharang ng "charlie tim" ang mga pinutol na puno ng saging sa kalsada, at itinali ang lubid na siyang magpapatumba sa motor kung sakaling makadaan ito. Sinalubong na rin nila ng kanilang mga bala ang paparating na target. Dalawang motor lang ang nakapasok sa kanilang posisyon habang ang panghuling motor ay bumalik agad sa dinaanan at hindi na tinamaan.

Matagumpay ang operasyon! Patay sa pananambang ang pangunahing target na walang iba kundi si Jomar "Marcos" Bocales. Patay rin ang isa pa niyang kasama, habang sugatan ang isa. Lahat sila ay myembro ng paramilitar na grupong Magahat. Nakumpiska sa kanila ang dalawang pistolang .45 at isang .357.

Personal na sangkot si Bocales sa pagpatay sa dalawang lider Lumad at direktor ng isang eskwelahang Lumad noong Setyembre 1, 2015. Tinaguriang "Lianga Masaker" ang pagpatay nina Bocales sa dalawang lider-lumad na si Datu Jovelio "Belyo" Sinso at Dionel "Onel" Campus at sa direktor ng eskwelahan na si Emerito "Emok" Samarca. Dahil sa Lianga Masaker, natulak na magbakwit ang hindi bababa sa 3,000 tungo sa syudad. Labis silang nagdusa sa matinding hirap at sa walang habas na paniniil gawa ng AFP sa loob ng isang taon doon sa pinagbakwitan.

Kinabukasan, kahit pagod pa, maagang nilakad ng tim ang daan pabalik sa mga kasama. Mataas ang kanilang moral dahil sa tagumpay ng operasyon. Matapos ang isang araw na pagpahinga, nagpatawag agad ng pulong ang kumand.

Oktubre 7 na.

"Nag-*update* na ang masa na umalis na ang 15 na personahe na dumating sa Surf at iniwan ang 30 kaliber na *machinegun*," report ni Ka Day.

"Napaka-ayos!" halos sabay-sabay na banggit ng mga kasama. Hindi na nag-aksaya  ng panahon ang mga kasama sa araw na iyon. Naplano na ang lahat. Dahit sa nadagdag na mga datos, nag-adyast ng bilang ang mga operatiba. Galing sa dating tatlong tim na may 16 na personel, ginawa itong apat na tim na may 21 personel kasama na ang medik at *camera man*.

Matapos ang pulong, sa pangulo ni Ka Emm, agarang nag-orentasyon gamit ang dating gawang replika. Kinabukasan, pinasadahan agad ng mga senaryo sa mga operatiba sa kabilang tereyn para hindi ito makita ng mga kasamang hindi kasali sa operasyon. Sa gayon, hanggang hindi maikasa ang trabaho, mananatili itong sikreto.

Petsa 9, nang madaling araw, tumungo na sa Surf ang mga mandirigma. Dala ang limitadong personal na gamit at piniling gamit militar, mabilis at sikretong nilakad ng mga kasama ang matataas na bundok na mabangin at walang tubig. Tanging tubig-ulan lamang na isinalok sa malalaking balde/*drum* ang ginagamit ng masa sa lugar. Dito na rin humingi ang mga kasama ng tubig para sa pagluluto at pang-inom. Nang sumapit ang dilim, nilakad ng mga Pulang mandirigma ang mahabang kalsada papuntang *staging point*.

"Dugang kadasig mga kasama! Para sa masa!" sabi ng kasamang medikal na si Ka Gong sa mga kasama sa lakaran. Hatinggabi na nang nakarating sila sa *staging point*.

Sa susunod na araw, kahit dama pa nilang matulog, maagang gumising at nagtrabaho sa kusina at nagluto ng almusal. May tubig sa *drum* sa bahay malapit sa kanilang *posting* at nagsusi ng daanan ang may-ari na maaring gamitin ng mga kasama kung sakaling wala ang maybahay.

Ang buong araw ay itinalaga sa pagpapahinga at pagluto ng mga baong pagkain habang nakarelyebo ang paggwardya kada oras para sa seguridad. Pinakilos rin nila ang ibang masa sa pagbili ng mga suplay na dadalhin nila pauwi matapos ang trabaho. Pagdating nito, agad itong ng mga MO sa kada tim at itinabi agad ito ng mga kasama sa kani-kanilang bag.

Alas singko na sa hapon. Malinaw ang panahon, at walang ulan. Umalis na si Ka Mike, ang pinakamaliit sa grupo, kasama ang tatlo pang kasama na nakasibiliyan ang porma. Pupunta sila sa lungsod para kumuha ng mga bao-bao (traysikel) na masakyan papunta sa target. Nang magdilim, nakarating na rin ang mga operatiba sa lugar na daratnan ng kanilang masasakyan. Eksaktong alas-6 ng gabi, nakumpleto na ang apat na bao-bao.

"Akala ko kopras ang ikakarga ma'am, hindi pala," sabi ng isang drayber na nanginginig ang boses nang kausapin si Ka Gong. Binigyang panahon ng mga Pulang mandirigma na makausap at mapaintindi sa mga drayber para maikalma ang kanilang dinaramang takot at pangamba. Matapos nito, bumyahe na sila patungo sa target.

Halos kinse minutos nilang nilakbay ang kalsada papunta sa target. Pinatay nila ang ilaw sa loob nang hindi mapansin ang mga sakay. Kasama sa Bravo tim, maya't maya'y kinakamusta ni Ka Emm ang sitwasyon ng target. Nag-inuman at mga lasing na ang mga membro sa Surf nitong mga oras. Si Ka Yer na bitbit ang gasolina kasama ang masa, ang nagsilbing mata ng mga pulang manggugubat na papunta na.

Malapit na sila sa target. Ang "charlie tim" ang nagsilbing *advance* sa byahe na sinamahan ni Ka Day na siyang pamilyar sa lugar. Alinsunod sa plan, huminto agad ang grupo at nagpaiwan sa krosing, si gilid ng pambansang haywey, na 50 metros ang layo sa pusisyon ng target. Labas sa ilang mga masa na *look out* sa haywey, nagsilbi ang "charlie tim" na panlabas na armadong *look out* kung sakaling mayroong *reinforcement* ang kaaway o armadong indibidwal. Habang ang sasakyan ng Alpa, Bravo, at Delta tim na magkadikit na naka-komboy ay dahan-dahan nang pumasok sa kalsada papunta sa *fishport* na kinaroroonan ng Surf.

"Eto na ba? Eto na?" tanong ni Ka Man na lider ng Alpha tim. Katabi niya si Ka Len, na may *action cam* na nakakabit sa kanyang *vest*.

"Oo, iyan *blue* sa unahan, yan na. Relaks lang ha, relaks lang," pagpakalma ni Ka

Emm gamit ang VHF na radyo. Pinaalala niya ulit na maghintay sa "go signal" bago kumilos.

"Ok, kopya," kalmadong sagot ni Ka Man at iba pang mga tim lider.

Malapit na sila sa target. Kinakabahan na ang mga drayber. Pinakalma sila ng mga tim lider na katabi nila at tinuruang dumapa kapag may narinig na putok at huwag iwanan ang sasakyan.

"Lumabas ang tatlong tao. Walang dalang gamit. Inabante nila ang kanilang harang. Hindi na kayo makakahinto sa tapat mismo ng kanilang bahay," mabilis na ulat ni Ka Yer. Saktong dumating na sa harang ang mga motor sa Alpha tim matapos natanggap ni Ka Emm ang tawag ni Ka Yer. Nagtanong si Ka Emm bakit sila huminto.

"Nagharang sila, nagharang," halos pabulong na sabi ni Ka Man. Sa mismong oras na iyon, tinanong na ng nagharang ang drayber kung saan sila patungo. Kinabahan rin si Ka Len baka napansin na ang *blue light* sa kanyang kamera.

"Sige, *move* na! Move! Move!" kumand ni Ka Emm.

"Dapa! Dapa! Dapa!" sigaw ng mga kasama habang patakbo ang istasyon ng target. Mabilis na umakyat sa hagdan ang Alpha tim at nakasalubong nila ang dalawang kaaway na patakbo rin sa kanilang istasyon. Agad na dumapa sa sahig ang mga ito. Ang isa  pa ay tumakbo palabas sa krosing at nahalo sa mga tao. Mabilis agad nakapasok sa ibabang bahagi ang Bravo tim na pinanguluhan ni Ka Rose. Nagsimula na ring magtipon ang mga tao nang nakarining nang mga nagsigawan. Dito na pumapel sa pag-obserb ang grupo ni Ka Day. Nariyan lang sila sa loob ng motor, nakaalerto, habang hindi pinapatay ang makina.


"Walang gagalaw! Walang gagalaw! Ang NPA ay sumusunod sa batas ng digmaan!" nag Tagalog ang mga kasama para agad silang maintindihan dahil kadalasa'y mga Moro ang target.

Mabilis na napasok ng dalawang tim ang ibabaw at itaas na bahagi ng istasyon ng Philippine Coast Guard (PCG). Nasurpresa ang kaaway at hindi na nito nakayang manlaban matapos ang kidlat na pagdating ng mga Pulang mandirigma sa kanilang istasyon.

"Hindi kayo gagalawin! NPA 'to. NPA 'to. Hindi kayo gagalawin!" paniguro ni Ka Rose na nahihirapang magtagalog para pakalmahin ang pag-iyak ng kaaway.

Sinigurado ng Delta tim ang pagbantay sa mga tao sa paligid ng istasyon. Dumagsa na ang mga tao at nagbidyo. Pinahinto nila ito, ipinulong at pinaintindi ang dahilan sa isinagawang reyd ng BHB. Ang isang kasama sa Delta tim, na isa rin sa nag-*hire* ng motor, ang siyang pumapel sa pagkalma sa tatlong driver nang lumabas ito sa motor at tatakbo na sana. Binalikan nila ang kanilang motor at pinaandar muli ang makina. Hindi sila iniwanan ng isang kasama habang naghihintay na makabalik muli ang mga kasama.

Sa loob ng limang minuto, nakuha na agad ng mga Pulang mandirigma ang isang 30 kalibreng *machine gun* at mga bala nito, apat na mahahabang riple ng M16, mga *vest*, magasin at bala, dalawang .45 kalibre na pistola, dalawang VHF na radyo, at uniporme ng PCG. Itong mga armos sa PGC ang ginamit sa



kanilang operasyong saywar para kutongan ang kuhang isda ang mga maliliit na mandaragat sa lugar. Namimilit rin silang magmulta sa pinakamababang tag-P6,000 sa mga mangingisdang hindi pa rehistrado ang mga maliliit na bangkang gamit nito sa pangisda, kasama ang mga pukot at pana.

"Oo nga! Mabuti na rin, kas, na inyong binawian ng armas dahil mga abusado ang mga iyan!"  pagsang-ayon ng masa na pinaintindi ng Delta tim.

"Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan!" Mabuhay ang masang nakikibaka!" sigaw ng isa sa mga kasama nang makitang pababa na ng istasyon ang Alpha at Bravo tim.

"Mabuhay!" kasama nang sumagot ang mga masang tinipon ng Delta tim sa labas ng istasyon.

Mabilis na sumakay pabalik sa kanilang motor ang tatlong tim. Agad na humarurot palabas ang mga drayber. Ang tim ni Ka Day ang nagpahuli, sakay na nila si Ka Yer dala ang gasolina. Parang balewala na sa mga drayber ang bikat ng kinakarga, at ang mabato at paakyat na bahagi ng kalsada matapos makalagpas sa haywey.

Sa kabila ng sobrang galak, hindi ibinaba ng mga kasama ang pag-alerto. Halos 30 minutong binaybay ng apat na bao-bao ang kalsada. Pagdating sa kanilang babaan, binigay agad ni Ka Yer ang gasolina kay Ka Emm.

"Mga kas, sanay magkasya itong gasolina para sa inyo," sabay abot ni Ka Emm ang galon sa isang drayber.

"Maraming salamat, kas, hindi na talaga kami aabot nitong natitirang gas namin kung hindi madadagdagan," sagot ng isang drayber.

"Maraming salamat talaga dito, kas," pasalamat ng isa pang drayber na nakahinga na kahit nanginginig pa.

Nagbigay si Ka Emm ng dagdag pondo. Tatanggi sana ang mga driver dahil marami silang natanggap ngunit wala silang nagawa nang pilitin sila ng kasama.

"Maliit na halaga lang 'yan, mga kasama. Hindi nasusukat ang malaking kontribusyon ninyo sa tagumpay na natamo natin ngayon. Lubos po kaming nagpapasalamat sa inyong pagsisikap na makipagtulungan sa gitna ng inyong takot at pangamba. *More encouragement* sa inyong mga kaibigan. Hanggang sa susunod. Ingat sa biyahe pauwi," pampalakas-loob ni Ka Emm sa mga drayber.

Nagpasalamat ang mga drayber at pinasigla sila sa kanilang hindi inaasahang karanasan kasama ang hukbong bayan.

Mabigat man ang dala ng mga kasama pauwi, magaan pa rin ang kanilang mga hakbang matapos ang tagumpay na nakamit. Hindi masukat ang kaligayahan ng masa, lalo na ng mga mangingisda sa apektadong barangay sa matagumpay na pagdis-arma sa abusadbong mga myembro ng PCG.

Sa halos isang buwang pakikibaka sa hirap at sakripisyo, isang platun ng BHB-Surigao del Sur ang nagpasiya at matagumpay na naisagawa ang dalawang magkasunod na aksyong militar. Pinilay nito ang lakas ng mapang-api at mapagsamantalang tropa ng kaaway at tumugon sa kahilingan ng malawak na inaapi at pinagsasamantalahang masa. Ang determinasyon ng masa na lutasin ang kanilang problema sa pamamagitan ng sarili nilang aksyon at partisipasyon, at pagtitiwala sa kanilang pulang hukbo ang susi sa tagumpay ng aksyong militar na iyon.

Pumasok na ang mga pwersa ng kaaway sa lugar bilang reaksyon sa matagumpay na BTO ng mga kasama. Masigasig at palihim, lumipat ang platun sa ibang bayan para maglunsad ng gawaing masa nang walang anumang kilos ng kaaway.


KLINIKANG BAYAN
9·25·22

# Semana Santa

*ni Kasamang Ju*

*Ito ay kwento ng mga kasamang napasuong sa isang depensibang aksyon sa kalagitnaan ng semana santa, at kung paano pumapel ang mga bagong saltang medical surgeon para gamutin at alagaan ang isang kasamang kritikal na nasugatan. Makikita rin dito ang mainit na pagtanggap ng masang matagal nang naghintay sa muling pagbalik ng hukbo.*

Semana santa 2022. Araw ng Lunes. Malapit nang magtakipsilim.

"Kas (kasama), hinto muna kasi may masa. Ipasa sa mga kas na pahinga muna at kakausapin ang masa," pasa ng kasamang nasa harapan ko. Agad ko namang ipinasa sa mga nakasunod na mga kasamang pasan-pasan ang isang kasamang sugatan. Umatras sila at tumabi nang hindi makita ng masa.

Ang iskwad na nakaabante pa lamang ang nakita ng masang mag-asawa na nagpapastol ng kalabaw nang nadaanan nila kami. Plano naming tumawid sa kalsada para marating ang kabilang baryo, gamit ang mapa na nadownload namin sa selpon.

"Sana'y mapagkakatiwalaan ang nakasalubong nating masa, nang hindi tayo mabisto ng kaaway," hiling ko sa aking sarili habang nakaupo at nagpapaypay.

"Kas, ayos lang pala 'yang masang nakakita sa atin. Dito tayo magpapagabi at magsaing ng hapunan. Hindi na kasali ang agahan kasi ang masa na ang bahala," pasa ni Ka Emm, ang aming platun lider na nakalubog sa aming iskwad.

Nawala ang aking pangamba at ipinasa agad ang mensahe sa natitirang kasama sa iskwad. Naglibot si Ka Emm para ipaalam sa iba pang iskwad. Naghanda na ako para magsaing.

Habang nakaupo sa harapan ng sinasaing na kanin, binalikan ko ang ala-ala ng mga pangyayari.


"Ang bango naman ng inihaw," sabi ko sa mga kasamang nag-iihaw ng karne sa bandang ibaba ng tereyn na aming tinigilan. Napadaan ako sa kanila bitbit ang kalderong kakukuskos ko lang sa ilog.

"Akin na yang kaldero kas, magsasaing na ako," sinalubong ako ni Ka Jiro sabay kuha ng kaldero.

"Ay oo, alas-10 na nga pala. Nandyan na ba yung hati naming karne? Ilan ba ang kada hiwa?" tanong ko kay Ka Jiro na aming MO.

"Oo, kas, nandyan na, tig-aapat tayo."

Kakabalik lang sa lugar ng isang platung pang-gawaing masa sa erya na naiwanan nang halos dalawang taon. Para makatulong sa pagrekober, naatasan ang aming platun na samahan sila. Nagsilbi ang grupo namin bilang Platun Dos.



Naabutan namin ang masa na kamag-anak ng dating kasama at pumayag itong bumili ng suplay. Binili na rin namin ang kanilang baboy para pang-ulam. Noong umagang iyon, lumipat kami galing sa posting (temporaryong kampo) palapit sa bahay ng masa pararhindi na malayo ang mga kasama na kumuha ng suplay at nag-ihaw ng baboy. Kung merong biglaang atake ng kaaway, hindi rin kami mahihiwalay ang ibang mga kasama. Napag-usapan ito sa kumand sa dalawang platun dahil may kilos ng

kaaway sa kabilang baryo matapos mabisto sa pagdaan namin doon.

Nakuha na ang suplay sa bahay ng masa, halos 100 metros ang layo galing sa aming tinitigilang mga puno ng falcatta. Hindi gaanong madalisdis ang tereyn at maiiksi pa ang mga damo na pantakip sana sa kaharap na tereyn. Kaya naman, nagtayo kami ng matataas na kahoy at nagtakip ng makakapal na damo pang-kamoplahe. Ito ang ginawa ng mga kasamang nagpulong para i-ases ang dalawang iskwad lider habang nakatigil.

Matapos ang 30 minuto, naluto na ang kanin at ang karne para tanghalian.

"Ano yon?" nakatingin ang lahat sa itaas sa pag-aakalang sanga ng palkata ang nahulog.

"BLANNNNGGGG!" Isang malakas na putok ang bumagsak sa patag sa likod namin.

"Kanyon!" sigaw ng isang kasama. Sinundan ito ng volume fire ng kaaway at ang sagot na putok ng mga kasama na nakapwesto sa kanilang sektor.

Nakayukong tumakbo ang mga kasama galing sa kanilang pinagpulungan papunta sa kanya-kanyang iskwad. Gumapang ako papunta sa aking bag na nasa isang puno ng palkata pero hindi pa ako nakarating, naabutan ko nang nakahapa ang aming iskwad lider na si Ka Jems. Hindi na ito gumagalaw. May tama ito sa likod. Nasa tabi na niya si Ka Bunsay, ang bagong sanay na medik sa aming iskwad.

"Relaks lang, relaks lang! Maliit lang yan. Sige, dalhin na yan sa ibaba!" sabi ko kay Ka Bunsay. Napaloob kami sa medyo patag na bahagi kung saan kitang-kita ang nakatapat na pwesto ng kaaway.

Nagpatuloy ako sa unahan. Mabuti na lang at suot ko ang aking vest at baril. Nakita ko ang aming MO na nakadapa at siya na ang may hawak ng M203 ni Kas Jems. Nahiwalay ang vest at bala nito. Kinuha ko ito at ipinasuot sa kanya. Nagdalawang-isip akong magpatuloy papunta sa aking bag dahil mahawan ang daanan.

Tumingin ako sa bandang pinagpulungan nila Ka Emm. Siya na lang mag-isa doon. Sinasaksak ang mga balang binilad niya sa araw sa kanyang magasin. Nakasilong siya sa isang puno ng saging na sakto lang para takpan ang kanyang manipis na katawan. Hindi pa niya naisuot ng kanyang t-shirt.

"BLANNNNGGGG!" Isa pang putok ng kanyon sa likod namin.

Napatingin ako sa mga kasama, nakapusisyon na sila at nagpapaputok patungo sa tapat ng tereyn. Nagpaputok na rin ako kung saan ako nakahapa.

"Kunin na ang mga gamit! Kunin ang mga bag!" sigaw ng PL (lider sa pulitika) ng Platun Uno.

"Hala! Ang gas stove ko!" Tiningnan ko ang kalan na pinaglutuan ng karne. Hindi ito na-paano at patuloy pa rin ang pag-apoy. Kukunin ko sana ito pero natakot na ako't masyado itong kita sa tapat. Hindi ko pa kabisado kung may mamumutok ba ng kaaway na malapit sa akin o hinid. Abala na ang mga kasamang magligpit ng gamit at wala pa akong mapagsabihan sa malapit.

"Kas, ang bag ko! Di ko na makuha kasi nasa tapat, masyadong hawan," sabi ko kay Ka Emm na lumapit sa aming iskwad. Determinado akong kunin ang gamit ko pero baka mabagal akong gumapang at madadagdagan lamang ang mga sugatan kung hindi man lubos na matamaan.

"Sige lang, ipapakuha ko lang yan sa kasama ngayon," sagot niya sa akin. Alam na niya na natamaan at sugatan na ang aming SL (lider ng iskwad).

"Kas, palit tayo ng baril, nakabara yung sa'kin," sabi ni Kas Rose sa 'kin na galing Iskwad Uno. Binigay ko agad ang baril sabay sabi sa kanya kung kaya niya bang kunin ang aking bag. Iniwan muna niya ang kanyang baril sa aking pusisyon at mabilisang ginapang ang bag ko. Saktong pagkakuha niya sa aking bag, umulan na ng bala sa malapit sa kanya. Kinabahan ako sa kanya, pero mabilis siyang nakaalis,

dala-dala ang bag ko.

"BLANNNNGGGG!" Isa na namang putok ng kanyon. Tiningnan ko ang kumand, walang pang utos na umatras. Sunud-sunod  na ang putok ng kanyon at nag-aalala ako na baka babagsak na amin.

"Regroup! Regroup!" utos ng PL namin at agad na ipinasa sa iskwad. Hindi ko na kinuha ang gas stove, umatras ako patungo sa mga kasama ko na inasikaso ang mga sugatan. Sa utos ng kumand, nauna ang aming iskwad, na sinamahan ng nakapamilyar sa lugar, at dinala ang aming mga sugatan. Dumaan kami sa isang patag na lugar. Buti na lang hindi gumamit ng pwersang panghangin ang kaaway. Pero problema pa rin dahil dahil lagpas-tao ang lalim ng tubig kailangan naming tawirin.

"BLANNNNGGGG!" Isa pang putok ng kanyon. Hindi gaanong malayo ang bagsak ng bola ng kanyon. Medyo kinakabahan ako dahil nagdatingan na lahat ng kasama at nagkukumpulan na kami hindi masyadong kalayuan sa nilisan naming tereyn at patuloy na ang putok ng kanyon na papalapag na sa lawa. Buti na lang may "gakit" na nahanap ang adbans (advance tim) at 'yun ang ginamit sa pagtawid.

"Kas oh," inilapit sa akin ni Kas Emm ang kaldero. "Nasa bag na yung gas stove," dagdag niya.

Agad kong kinuha ang kaldero. May laman pa sa loob. Sininyasan ko si Ka Jiro na ipasok ang kaldero sa bag niya. Inilagay ko ang karne sa isang ecobag at itinali sa aking bag. Dahan-dahan kaming tumawid dahil iisa lang ang gakit. Ngunit sa tulong ng mga kasama, gamit ang lubid, medyo mas napabilis ang paghakot nga mga gamit at sa mga kasama na hindi marunong lumangoy. Ang mga kapwa manlalangoy tulad ni Kas Man ay tumulong sa pagdala ng mga bag.

Naghanap din ako ng kahoy na lumulutang, may isang dipa ang haba na nakita ko. Kinuha ko ito kasama si Ka Jen, itinali namin ang baril namin dito at ipinahila kay Kas Making na marunong lumangoy. Hindi na namin tinatanggal ang aming botas at bag sa suot. May mga nagtangkang tumawid pero muntik nang malunod

pero natulungan agad. May mga kagamitan din na lumubog kabilang ang ilang bota at isang full vest sa unang pagtawid dahil sa pagtaob ng bangka.

Buti na lang at hindi lalagpas ng 10 dipa ang layo ng pangalawa naming tinawid na ilog, gamit rin ang bangka. Mabilis na lumangoy ang kasama dala ang lubid ng duyan patawid. Tinali agad niya ito sa bangka at itinapon ang isang dulo nito sa mga kasamang patawid. Hawak ang lubid sa bawat dulo, mabilis nilang hinila ang bangka patawid at pabalik kaya mas mabilis ang aming pagtawid. Pinakahuling tumawid ang mga rear-guard kasama sila Ka Niko, Ka Ann, Ka Len, at Ka Rose. Ligtas na nakatawid ang lahat ng kasama sa pangalawang pagtawid. Halos wala nang malay ang aming kasamang sugatan sa mga sandaling ito. Nabasa na rin ng tubig ang kaniyang sugat.

"Kas Emm, pwede ba tayong makahinto sa unahan? Kailangan na talaga ng pansin ang pasyente," tanong ng mga kasamang medik.

"Oo, pero distansya lang tayo kaunti kasi masyado pa tayong malapit," sagot ni Ka Emm.

Palitan ang mga kasama sa pagbubuhat kay Ka Jems, pero dahil malaki ang katawan nito, iilan lang rin ang may kakayahang magbuhat sa kanya.

"Kasama, halos mag-iiilang oras na. Baka pwedeng huminto na at baka hindi na maisalba ang pasyente," hiling ng mga medikal sa kumand.

Huminto kami sa kakahuyan na medyo makapal ang kamoplahe. Dito na inatupag ng mga medikal ang sugatan. Sumasagot pa siya sa mga tanong per dahan-dahan nang nanlalamig ang kanyang katawan. Nagpulong agad ang mga medikal, sa pangunguna ni Ka Iya at Ka Nane. Pinag-usapan nila ang mga kailangan gawin, mga kinakailangang gamitin, at ang pagbabahagi ng gawain.

Nakapusisyon din ang mga kasama sa paligid. Nang napwesto na ang pasyente at nahanda na ang mga aparato, sinimulan na ng mga medikal ang paggamot.

"Nan, kaya ko ba ang mag-chest tube? Ni kailanman ay di ko pa ito nasubukan gawa ng lagi lang akong alalay sa ganitong mga kaso. Alam mo naman ang aking limitasyon kapag nakakakita ng dugo," narinig ko na sabi ni Ka Iya na halos mangiyak-iyak na sa harap ni Ka Nani.

"Relaks lang, kaya natin to. Pareho lang tayo. Hindi pa talaga natin nasubukang tayo mismo ang gumawa, pero dahil tayo lang ang nandito, kailangan talaga natin itong gawin. Kaya lang ito. Ikaw na ang manguna, suporta ako," kalmado ngunit pursigidong sagot ni Ka Nani.

Tinurukan na ng pampatulog ang pasyente pero nagsasalita pa rin ito nang sinimulan ng hiwain ang kanyang tagiliran. Malakas pa naman ang boses ni Ka Jems. Pinagsabihan na ng mga kasamang nakapalibot. Kaya lumapit ako at tumulong na magpahinahon sa pasyente. Mabuti na lang at nakinig rin nang ako na ang nagsalita.

Nakapalibot ang mga medikal na nagturok ng anestisya at nagmonitor ng vital signs



ng pasyente. Inuulat nila ito kada minuto kay Ka Iya at Ka Nani na siyang humihiwa ng kaliwang banda para ipasok ang chest tube.

Nagsimula nang matulog ang pasyente kasabay ng pag-bagsak ng kanyang vital signs, nanlamig na ang kanyang buong katawan. Pumalit na si Ka Nani dahil dahan-dahan nang nahihilo si Ka Iya sa harap ng maraming dugo. Mabilis na hiniwa ni Ka Nani ang sinimulan ni Ka iya at nang nabutasan na ito, tinulungan na agad nilang ipasok ang tubo. Masikip pa itong ipasok, pero nakuha lang nilang gawin at mapasok ang tubo. Mabilis agad na dumaloy ang dugo galing sa baga ng pasyente, na umabot na agad ng halos 1 litro matapos lamang ang ilang segundo.

Napaluha ang dalawa habang nagpapasalamat sa matagumpay nilang pagpasok ng chest tube. Dito dahan-dahan na bumalik ang init ng katawan ng pasyente. Tinapik ko ang balikat ng mga medik at muli silang sumigla dahit sa ipinakitang determinasyon na iligtas ang kasama. Hindi lumagpas ng 30 minuto mula nang aming paghinto, naalis na sa kritikal na kondisyon ni Ka Jems.

"Kas, eto na yung punong pinadala mo. Kumukuha pa sila ng sanga," sabi ng kasamang naghatid ng kahoy.

Iniwan ko sila at kinuha ang kahoy na inihatid ng mga kasama. Pagkatapos ay sinimulan kong itali ang duyan para sakyan ng pasyente. Unang beses ko itong gawin. Tinandaan ko lang ang itsura ng pagkatali mula mga dating karanasan. Hindi na ako humingi ng tulong sa mga kasamang nakabantay sa seguridad.

Nang matapos nang atupagin ang pasyente, inilipat na ito sa duyan. Naglakad na agad kami matapos ang isang oras na paghinto. Unang nagbuhat ang magpinsan na sina Ka Char at Ka Mak.

"Laban lang Jems, 'wag kang palamya-lamya," pabirong sabi ni Ka Chard sa pasyente.
"Chard, ikaw ba yan?" tanong ni Ka Jems

"Oo, ako to. Magpursige ka kasama, pa'no nalang..."

"Saan nga pala si Ka Jen, kamusta siya? Ok lang ba siya?" tanong ni Ka Jems. Kahit pala may anestisya at pampatulog ang kasama, madaldal pa rin kung tinatanong. Ang lakas pa naman ng boses. Kaya nama'y tawa nang tawa ang mga kasamang nakakarinig sa kanya.

Nasa unahan ni Ka Chard si Ka Jen at nakarinig rin sa pinag-uusapan, pero pinatahimik na ito ng mga kasama. Isang bagong sanay na medik si Kas Jen sa Platun Uno. Hindi lang alam ni Ka Jems na buong panahong hawak ni Ka Jen ang kamay niya para hindi mahirapan ang mga medik sa operasyon.

"Kas kain muna tayo," sabi ko sa mga kasamang nagbuhat sa pasyente nang kami ay huminto at nagpahinga. "Eto na yung lutong karne, kain na kayo para may lakas kayong magbuhat. Mag-aalas tres na't wala pa tayong tanghalian."

"Salamat kas, parang gutom na nga," sagot ni Kas Jiro at sa mga kasamang tumulong.

Kinuha ko agad ang ecobag na pinaglagyan ng karne mula sa aking bag. Nababad ito sa tubig nang kami ay tumawid pero balewala lang ito sa mga kasama. Iyon lang talaga ang aming naisalba. Matapos kong mabigyan ang mga nagbuhat, ibinahagi ko na ito sa buong iskwad. Magaan sa dibdib na makita ang mga kasama habang kumakain. Patuloy kaming naglakad matapos ang ilang minutong pahinga. Sa gitna ng init sa paglalakad, mapagmatyag ang mga medik na laging tinitingnan ang sitwasyon ng pasyente, lalo na ang tubo sa gilid nito.

"Kas, hapunan na, pakipasa nalang," sabi ko sa mga kasama. Luto na ang sinaing na kanin.

"May selopeyn dito para doon sa mga walang lunchbox. Magdala na rin kayo ng baon pang almusal, nandyan na rin ang kanin na niluto ng masa." Tahimik at walang ilaw na kumakain ang mga kasama. May kaunting ilaw na sumisilip galing sa mga tala mula sa langit.

Alas-7 ng gabi ang tinakdang oras patawid ng kalsada. Ginarantiya ng masa na siya na ang magbubura ng mga bakas sa aming hinintuan at pinagkainan.

"Ipasa na magdikit-dikit. Patayin ang ilaw." Dinig na namin ang tahol ng mga aso sa mga malapit na kabahayang nakapatay na rin ang mga ilaw.

"Kas, bilisan ang pagtawid, iwasang ingayan ang paghakbang sa kalsada," pasa ng kasama galing adbans. Matagumpay kaming nakatawid sa kalsada na hindi nadatnan ng mga sasakyan. Hinatid kami ng isang residente doon sa isang mapagkakatiwalaang masa sa kabilang baryo. Palaging may medik na nakatutok sa pasyente, lalo na nung gusto nitong umihi. Agad itong kinabitan ng kateter. Alas-10 na sa gabi nang nakarating kami sa aming posting (temporaryong kampo.)

Kinabukasan, buong araw umulan. Habang nakatambay ang mga kasama, may isang tim na naatasang dumugtong sa masa. Dito, sinamantala ng mga kasamang medik ang pagpulong at pagpwesto sa mga kailangan gawin para alagaan ang pasyente. Agaran silang nag-uulat sa sitwasyon at pangangailangan ng pasyente.

Matagumpay na nakadugtong ang tim sa masa sa kabilang baryo na aming patututunguhan.


"Day, alis na kayo diyan, may dumaan na kaaway dito sa amin ngayon," updeyt ng masa na naghatid sa amin. Alas-7 na sa gabi. Dahil dito, umalis na agad kami nang madaling araw. Buong araw kaming naglakad.

Sinalubong kami ng masa at hinatid sa ligtas na lugar na pwedeng magkampo. Nakapahinga kami ng dalawang araw doon. Napakilos din ang masa na bumili ng pagkain para sa pasyente. Malapit lang ang kanilang gulayan, pero di na kami pinayagan lumabas para wala nang malikhang mga bakas. Ang masa na ang kumuha para sa amin.

"Day, nandito na ang gulay, pero hintay lang dahil may kailangan pang tingnan,"

teks ng masa sa aming PO. Matapos mapag-usapan ng Kumand ang bagong updeyt, nagligpit na kami ng gamit habang hindi pa natino ang updeyt ng masa. Umabot na ng alas-5 ng hapon pero hindi na nakontak uli ang masa at hindi na ito matawagan. Nagdesisyon ang kumand na papuntahan ng dalawang kasamang nakasibilyan para siyasatin kung ang nangyari.

"Day, wag na kayong pumunta dito kasi nandito ang kaaway. Naka-hold kami dito at ako lang ang pinalabas kaya ako ang ang pwedeng tumawag. Si Tito niyo hawak rin nila," ito ang sabi nang masa nang muli ito makatawag. Matapos ang ilang minuto, nakabalik na rin ang dalawang kasamang inutusang puntahan siya. Malapit na sila sa bahay nang natanggap nila ang tawag ni Kas Emm. Nagmamadali silang makabalik. Simula nang magtakipsilim nang umalis kami sa aming posting. Hindi na kami gumamit ng ilaw dahil nasa tapat lang ng sakahan ng masa ang aming daanan.



"Kas, may butas sa kaliwa. Matinik sa kanan." Dahil nasa likod ko ang mga kasamang pasan-pasan ang pasyente, sinisiguro kong mapasa sa kanila ang mga dinadaanan para maiwasang madisgrasya ang pasyente. Medyo mabilis ang lakad namin noon, kasi sobrang lapit lang namin sa kinaroroonan ng kaaway. Kahit hinihingal paakyat na walang ilaw, walang imik ang mga kasamang pumasan ang pasyente.

"Hala!" sabay-sabay ang gulat ng mga kasamang pasan ang pasyente. "Wala namang nagsabing may isa pa palang butas dito," sabi ni Ka Real. Halos hanggang tuhod na  nabaon sa butas ang isa niyang paa.

"Pasensya na kas, isa lang rin ang ipinasa sa akin. Hano, ok lang ba kayo? Hindi lang ba napano ang 'yong paa? Si Ka Jems?" tanong ko sa kasama.

"Ok lang naman ako. Ang likod lang ang tumama," sagot ni Ka Jems.

Nagpatuloy na kami sa paglalakad. Walang tila ang ulan at may kalat-kalat na kidlat. Kinakailangan naming huminto para magsurbey ang adbans ng daanan. Dama na namin ang lamig.

"Kas, ok lang kayo diyan?" tanong ni Ka Jems sa mga kasamang nagbuhat sa kanya.

"O, ok lang," sagot ng dalawang kasama.

"Ka Real, tingin mo, pwede na ba akong makalakad bukas? Naaawa na ako sa mga kasamang pumapasan sa'kin lalo na kapag gabi," tanong ni Ka Jems kay Ka Real na isa rin medik ng platun uno.

"Baka mahihirapan ka pa. Nahilo ka pa kanina nung sinubukan mong maglakad," sagot ni Ka Real.

Nagpatuloy kami sa paglakad matapos makabalik ang nagsarbey. Alas-10 nang huminto kami at nagposte. Kinabukasan, maaga kaming naghanda at nagsaing para makaalis ng agad. Kahit sabi ng medik na hindi pa sana pwede dahil mahihirapan pang huminga, pinatunayan ni Ka Jems and determinasyong maglakad mag-isa. Pursigido siyang panindigan ito at ngayo'y palakad-lakad para madaig ang kahirapang huminga at panghihilo.

"Kas, suotin mo itong bota ko. Parang tayo lang naman ang magkakasya rito," sabi

ni Ka Reb na aming vice iskwad lider.

"Huwag na, kas. Mas kailangan mo yan dahil bago lang rin inoperahan ang iyong mga daliri sa paa. Hindi mabuti kung mapuputikan iyan," sagot niya.

Sumang-ayon dito ang mga medik. Mas madali rin para kay Ka Jems kung nakapaang maglakad nang hindi pa gaanong malakas ang kanyang pangagatawan. Medyas lang ang suot ni Ka Jems sa kanyang paa. Palaging nakasabay sa kanya ang isang kasamang nagbuhat noon, bilang alalay sa paglalakad. Nahihirapan siyang huminga paakyat. Pero kahit pa, nagpursige siyang maglakad para mas bumilis ang byahe ng buong platun. Sa mga matataas at matatarik na daan, tinutulungan siya ng mga kasamang humakbang para hindi masugatan ang kanyang paa.

Dahil naparoon sa may signal ang selpon, nabalitaan namin na labis na binugbog ng kaaway ang masa na kanilang hawak. Malaki ang bukol sa ulo ni Angkol at nahihirapan itong huminga matapos itong makuya ng pamilya sa buong gabing pagtatanong ng mga kaaway sa kanya. Paulit-ulit siyang tinatanong kung saan dinala ang suplay na kanyang binili.

"Day, wag kayong mag-alala sa amin. Wala kaming sinabi ni isang bagay tungkol sa inyo. Lumayo na muna kayo at mag-ingat nang mabuti, kami na bahala sa Angkol niyo," sabi ng asawa ng binugbog na magsasaka nang tinawagan siya ng mga kasama.  Pinayuhan siya ng mga kasama na ipagamot ang kanyang asawa sa duktor.

Dahan-dahang nakaramdam ng lakas si Ka Jems sa tatlong araw naming paglalakad at dito na rin tinanggal ang kanyang test tube at kateter. Kinagabihan, kinuha ng mga kasama ang aming suplay. Dito natanggap ng mga kasama ang balita mula sa masang naghatid sa amin na may kaaway na namataan kahapon gn umaga malapit sa aming iniwanang poste. Nagdesisyon ang kumand na mag-alerto habang nililinaw ang sitwasyon at sinamantalang huminto muna para makapahinga ang pwersa.

Red alert ang buong platun.

"Kas, may ingay malapit sa baba. May kasama bang pumunta sa tubigan? Paki-tsek nga sa lahat ng iskwad," tanong sa mga kasama galing sa platun uno. Alas-11 na ng tanghali at tapos na ang lahat na magluto ng tanghalian.

"Wala nang kasama sa baba, kas," pasa ni Ka Man na SL ng Iskwad Uno sa aming platun.

"Tingnan at linawin niyong mabuti, baka maisahan tayo," sagot ni Ka Emm. Nakahanda lang rin ang bawat isa lalo na sa Platun Dos sa mga sandaling iyun liban sa isang tim na nakaluk-awt sa mataas na bahagi ng tereyn.

Dahan-dahan kaming nagligpit ng ibang gamit, liban sa mga sinasampay na basa. Ang iilan ay nagtahi rin ng mga napunit na gamit nila.

"Kas, may armado sa baba, may dalang bag," dali-daling pasa ng kasama papunta kay Ka Emm.

"Totoo ba?" sagot ni Ka Emm, sabay tayo at kuha ng kanyang baril. Nakita ng mga kasama ang kanyang reaksyon niya. Alerto na rin ang lahat.

"Bang! Bang!" Putok na agad ang sumunod galing sa baba.

"Kaaway sa baba, pusisyon!" sigaw ng aming PL.

Nagpaputok na agad ang mga kasama. Hindi na ako nagpaputok, siniguro ko na naligpit ang kaldero na kinuha naman agad ni Ka Jiro. Binalot ko na agad ang kalan pati na rin ang mga sinampay papasok sa bag.

"Jems! Jems! Asan si Jems?" tanong ni Kas Emm sa mga kasama sa Iskwad Dos.

"Nandito lang ako Ka Emm," sagot ni Ka Jems. Nagpaputok agad ito sa baba kung saan nakita ang kaaway.

"Ang bala, 'wag pasobrahan ang bala. Malayo lang ang kaaway!" paalala ni Ka Emm. Papalit-palit lang ang pagpapaputok ng mga kasama. Nahirapang pagpatama ang kaaway sa amin dahil nasa mataas kami na tereyn. Ang nakalapit lang na kaaway ay iyong nakita sa ibaba kung saan kami nakasektor.

"Sila Bunsay na nakaluk-awt, nakabalik na ba?" tanong ni Ka Jems sa mga kasama.

"Kas Jems! Kas Jems! Kas Jems, nasaan siya?", tanong ni Kas Bunsay habang tumatakbo papunta sa iskwad namin. Nag-aalala siya sa pasyente.

"Dito lang ako, relaks lang, ok lang ako."

"Relax ka lang Kas Jems, relax ka lang," tinapik ni Kas Bunsay ang balikat ng squad leader namin.

"Ok lang ako. Relax ka lang, malayo ang kalaban. Sige na kunin mo na ang mga gamit mo," sabi ni Kas Jems sa kanya.

Pagkatapos magligpit ng mga kasama, agad kaming umatras sa kahabaan ng teryn patungo sa mas mataas pang bahagi. Nagpaputok ng kanyon ang kaaway pero sa di kalayuan lang ito tumama.

Pagkatapos ng insidente, narinig namin na may isa pang residente na binugbog ng kaaway malapit sa pinangyarihan dahil umano'y suportado nila ang NPA sa lugar.

Lumabas kami sa lugar gamit ang palihim na paraan. Bulag ang kaaway kung saan kami pumunta. Sa sunod naming tinigilan, maingat kaming nakipag-ugnayan sa mga lumang kakilala at nakita rin ang mga bagong kakilala.

Tinatasa namin ang dalawang kaso nang depensiba upang matutunan ang mga positibo at negatibong aral. Kabilang sa lumabas sa mga mungkahi ang pagsama

sa BKPM o ang plano sa pagsasanay sa paglangoy at pagsagip sa kasamang nalulunod dahil kakaunti lang sa amin ang may kakayahan.

Nagtasa rin ang mga medik, na nakakuha rin ng bagong karanasan at kaalaman. Dahil dito, tumaas ang kumpyansa ng mga Pulang kumander at mandirigma sa mga medik at kanilang kakayahang maglitas ng buhay sa gitna ng labanan.

Sa karanasang iyon, kahit dalawang beses kaming nadepensib sa loob ng isang linggo, napatunayan kong nandyan talaga ang masa, laging handa at naghihintay lamang sa kanilang hukbo. Bagamat may ilang masa na naakit at ginamit ng kaaway, marami pa rin sa kanila ang tunay na nagmamahal at sumusuporta sa BHB kahit pa sa mahihirap na sitwasyon.



# Dagli

*ni Yang Nakpil*

Maalinsangan ang panahon noong tanghaling iyon. Tumatagaktak ang aking pawis. Kay sarap lumangoy sa ilog sa ganitong oras! Kaso, naglalakbay kami para sa pinaplano naming TO (taktikal na opensiba).

Nasanay na ako sa pagiging vanguard sa paglalakad--nagmamasid, alerto at matalas ang pandama, tinitiyak ang paroroonan para sa buong yunit. Handang unang mapalaban, handang makauna sa paglaban.

Regular na daan ang aming binabagtas. Sa kanan ko, tanaw ko ang ilog. Sa kaliwa, may daan na tatagpo sa binabagtas namin. Dahan-dahan akong umaabante dahil natatagalan ang kasunod ko. Sumulyap muli ako sa kanan. Natakpan na ng mga bato ang tanaw sanang ilog. Tumingin ako sa kaliwa. Biglang nakuha ng pansin ko ang mga taong papalapit.

Chino ang suot nila, mga naka-kawa at naka-bota. Inuusisa ko ang mga mukhang nagmimistulang mga kasama, ngunit wala akong makilala. Hinanda ko ang daliri ko sa gatilyo. Isa, dalawa, tatlo--bilang ko sa mga nagpapanggap na didire-diretsong dumadaan sa kalsada. Walang muwang sa aking presensya. Sumunod ang ikaapat na elemento nila at saka lamang ako napansin.

"Ngeeh, kalaban!" nanginginig niyang sinabi. Daglian niyang yinapos ang malaking bato sa tabi ng daan, tarantang kumubli habang nakalitaw ang mga brasong tangan ang kanyang baril. Naglingunan ang tatlong naunang elemento sa kanya.

PANG! PANG! PANG!
Nagtakbuhan sila sa magkabilang direksyon nang mamutok ako.

"Kaaway!" pasa ko sa mga kasama sa likod.
Tssss... BOOM!

Mabilis na nakatugon ang mga kasama para labanan ang kaaway.

Kinse minutos bago sumagot ng putok ang kaaway. Nakalayo na kami sa panahon iyon, mabilis pero maingat na nagmamaniobra sa palayan ng kalapit na masa, ligtas at walang ni anumang pinsala.

Hingal na hingal kami mula sa engkwentro, pero sa wakas, nakarating din kami sa mayor na gulod. Umupo kami upang magpahinga.

Pinakatitingnan ko ang katapat naming pastuhan. Tila may gumagalaw sa kugunan. Makalipas ang ilang saglit, naglitawan ang mga ulong pangit! Nagtipon sila kadikit ng isang malaking puno, wari'y sinasaayos ang kanilang briefing. Pinarating ko sa aming iskwad lider ang nakita ko. 'Di namin pinalagpas ang pagkakataon--pagkatapos ng ilang palitan at sa kumand ng aming iskwad lider, walang pag-aatubili kaming pumusisyon sa gulod.


RATATATAT!

Nagulantang ang kaaway nang paulanan namin sila ng bala. Nagsitakbuhan sila, nagkalat! Hindi na sila makaganti ng putok. Sa sobrang pagkakataranta pa'y parang mga bolang naggulungan ang kaaway pababa ng burol at patungo sa sapa!

"Atras na!" kumand ng aming iskwad lider. Sunud-sunod nang bumaba ang mga kasama ko mula sa aming kinatatayuan. 'Di ko na napigilang humalakhak nang sumulyap ako sa huling sandali at nakita ang kaguluhan ng reaksyunaryong sandatahang pwersa.

Sa pagsagpang namin sa gintong pagkakataong iyon, matagumpay naming nasindak ang pasistang 80th IB na mahigit isang taon nang naninibasib sa Rizal. Nagtamo ang mga ito ng kaswalti, habang ligtas na nakaatras ang aming yunit.

Sadyang ang tapang ng kaaway ay kaya lang nitong ipakita sa mamamayang walang kalaban-laban, ngunit tigreng papel itong tumitiklop sa harap ng Bagong Hukbong Bayan.



# Sa Dulo ng Baryo

*ni Rome Payapa*

Bundat na bundat ang tropa ng mga sundalo habang nilalantakan ang nakahaing pananghalian sa harap ng bahay ng isang mag-asawang magsasaka sa dulong bahagi ng baryo. Wala namang pyesta ngunit tila may piging sa dami ng pagkaing hiningi sa mag-asawa ng mga pasistang patay-gutom.

"Solb tayo, ser!" walang kahiya-hiyang bulalas ng isang sundalo sa kanilang pinuno.

"Oo nga. Sakto sa kainitan ng panahon! Mas masarap nga sana kung may meryenda rin, ano?" pagpaparinig ng kanilang pinuno habang may mga butil pa ng kanin sa paligid ng kanyang bibig.

Nagkatitigan ang mag-asawang magsasaka, tila ba kinukwenta na ang natitirang bigas sa kanilang balde.

"Naku, wala pong problema mga ser," tugon ng may-bahay. "Ipagluluto po namin kayo ng minatamis na saging! Tapos kung narito pa naman kayo sa gabi, ipagluluto na rin namin kayo ng espesyal na laing!"

Naghiyawan sa tuwa ang mga sundalo at walang-pakundangang sinaid ang mga nakahain pang pagkain. Samantala, limang daang metro ang layo sa bahay ng mag-asawa, ay nagmamadaling kumakalas ang isang yunit ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan.

Nagpapahinga ang mga Pulang mandirigma sa bahay ng mag-asawa matapos na tumulong sa pag-aararo at pamimitas ng mga gulay sa bukid nang makatanggap sila ng ulat na may mga sundalong binabagtas ang daang papunta sa kanilang tinitigilan. Agad naman silang nag-ayos ng mga pack bago nagpasalamat at nagpaalam sa mag-asawa. Doon na napag-isipan ng mag-asawa na alukin at ipagluto ng pananghalian ang mga sundalo kapag dumaan ito sa harap ng

kanilang bahay upang maantala ang mga ito at hindi agad na makadikit sa mga Pulang mandirigma.

"Buti na lang at nariyan sina Tatay Berting at Nanay Lorna. Tunay ngang masa ang ating mga bayani!" pahayag ng isang Pulang mandirigma habang ligtas sila naglalakad patungo sa susunod na baryo ng mga magsasaka.



# Sa Aking Paglisan

*(para sa pinakamamahal naming supling)*

Sa aking paglisan
Anak, sana'y iyong maunawaan
Hindi kita tinalikuran
Hindi kita kinalimutan

Pag-iwan sayo'y hindi madali
Sa bawat iyong paghikbi
Labis ang aking pighati
Ang mawala sayong tabi
Nagpapaluha sa akin gabi-gabi.

Subalit sa tuwing minamasdan kita
Gumuguhit din sa aking gunita
Larawan ng mga batang
Ninakawan ng pagkabata.

Sila'y tulad mo ring mga musmos
Ngunit hindi ligtas sa pambubusabos


Sila yaong nakikipagpantintero sa lansangan
Nakikipag-unahan sa basurahan
Hinahalukay ang lamang-tiyan.

Silang pagbabanat ng buto ang tanging laro
Kaulayaw palagi ang araro, asarol at piko
Pagkat libro ay para lamang sa mga amo.

Mga batang biktima ng bulok na kultura
Inilalako na parang putahe sa karinderya
Murang edad, kapalit ay barya.

Sa aking paglisan
Anak, sana'y iyong maunawaan
Hindi sa mas mahal ko ang ibang bata
Mahal kita.
Mahal na mahal ka namin ng iyong ama.

Subalit ...
Ang pananatili sayong tabi
Ay pagiging bulag at bingi
Ang aming paglisan
Ay para sa kalayaan.



# Ang aming Pagtanggap

hayaan mong yakapin ka
ng mga kasamang mandirigma
katulad din ng  mahigpit
at mainit na yakap
na ipinabaon sa iyo ng iyong ama't ina

lubos ang aming kasihayan
sa iyong matapang na kapasyahan
na paglingkuran ang sambayanan
ika'y napabilang
sa mga anak ng bayan

magsasalo tayo
sa maraming sakripisyo
subalit lipos ng galak
ang mga puso nating busilak
sa patuloy na pagbaybay
sa ating simpleng pamumuhay
na nagtatanggol
sa matagalan at masustansya
nating buhay

sasabayan ka namin
sa pagtataas ng kamulatan
upang gawing moog
ang pagpapanibagong hubog
na ating ipagmamalaki
dahil malinaw na sa atin
ang batas ng pakikitunggali
sa lahat ng sandali
hanggang sa pagtatagumpay
ng ating uri.

kung sakali tamaan ka
ng lungkot at pagkabagot
nakahandan ang aming tenga
sa sasambitin ng iyong dila
kasabay ding dadaloy yung mga luha
sa aming maniningning na mga mata
upang paulit-ulit na sa iyo
ay ipaalala
kailanman ay di ka mag-iisa
kasalo mo ang lahat na mga kasama

sabay nating hahaplusin
ang bawat takot sa dibdib
sa pamamagitan
ng pagpapataas
sa ating kaisipan
ng ating patuloy sinsandatahan
upang buong tapang
na harapin kahit ang kamatayan

kasabay ng aming pagdiriwang
ang galak ng sambayanan
dahil sa iyong hakbang
ay nalalapit tayo
sa pagbungad sa pintuan
ng  pagtatagumpay
ng ating digmang bayan.



# Kung hindi ako naging komunista

Marahil ako'y maihahalintulad sa isang manikin
May mata ngunit hindi nakikita
Kaalipinang nakatambad sa kanyang mata
May tenga pero walang marinig
Kahit ang pinakamalakas na sigaw ng kalayaan!
May ilong ngunit hindi naaamoy
Ang umaalingasaw na kabulukan ng naaagnas nang problema
May bibig ngunit hindi mabigkas
Ang pagnanais na lumaya sa pagsasamantala

Kung hindi ako naging komunista
Marahil ako'y maihahalintulad sa isang manikin
Walang buhay
May katawan, ngunit pinagmamay-arian ng iilan
Sunud-sunuran
Kung ano ang kasuotan
Saan ang kalalagyan
Kung magkano ang presyohan
Alipin-sahuran
Ng mga kapitalistang bundat ang tiyan.



# Anibersaryo

Itay, saan ba ang ating punta?
Ang pag-usisa ng bata
Ngumiti ang ama at nagwika
Pupuntahan natin ang iyong
Ina at kuya
Paparoon din ang maraming
Katulad nating masa
Para Makita ang mga kasama
Ano ang meron, itay?
Pag-uusisa ng bilugang mata
Dadalo tayo sa Anibersaryo
Ng ating Partido
Oo, anak, ang ating Partido
Paano naging atin ang Partido, itay?
Tinignan ng ama ang bata
Pinisil ang munting kamay
Sinikap na magsalaysay
Habang masayang naglalakbay

Halos limampung taon na ang lumipas
Nang kinailangan itong muling itatag
Mula noon ay nagpapakatatag
Dahil dumating na rin ang maningning na bukas
Alam ng ating Partido
Ang haharaping hamon ng kamusmusan
Kung paano mailalapat ng wasto

Ang unti-unting pagbubuo
Ng pitong libo't isandaang pulo
Na bibigkisin ng buong-buo
Para sa isang makauring pamumuno

Wastong tinanganan ang teorya
Ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Subalit ang mas masalimuot na hamon
Ay kung paano ito wastong gagamitin
Upang paalon-alon na pakilusin
Ang masang mangaggawa't magsasaka
Na ilang daang taon nang inalipin

Inaaral ang kasaysayan
Ng makauring tunggalian
Sa ating kongkretong lipunan
Upang lubos na masapol at maunawaan
Ang malakolonyal at malapyudal
Na katangian
Kung saan itinakda ang linyang pampulitika
Para sa pagsusulong
Ng Demokratikong Rebolusyong Bayan

Rebolusyong Agraryo
Pagtatayo ng baseng masa
At walang humpay na armadong pakikibaka
Ang magkakatugmang isinasagawa
Sa mayoryang hanay ng magsasaka
Kung bakit itinayo at isinugo

Ang kanyang pwersa't hukbo
Upang hinangin ang puso't sentido
Ng sambayanang humihingi
Ng panlipunang katarungan
At esensyal na pagbabago

Ang Partido ang nasa sentro
Ng lahat ng masang organisasyong rebolusyonaryo
Binuklod ang malapad na alyansa
Ng lahat ng makabayang uri't pwersa
Na pangunahing kumikilala
Sa pamumuno ng uring manggagawa
Na nagtataguyod sa armadong pakikibaka

Itinuturo ng ating Partido
Ang pagsusulong ng rebolusyong
May dalawang yugto
Demokratikong Rebolusyong Bayan
Ang dapat nating makumpleto
Sa pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika
Sa nakatindig na nabubulok na estado
Upang mahawan ang kasunod na yugto
Ng ating pagpasok sa sosyalismo

Pinagbayaran ng maraming
Masustansyang buhay
Kung saan lumambong
Ang tama at mali
Na noon ay humahawi

Sa tila isang mahabang gabi
Subalit kailangan niyang makipagtunggali
Sa mga hindi nagpapasintabi
Sa pagkalburo
Ng ideolohiya
Pulitika at
Organisasyon ng partido
Suot ang maskara ng Marxismo
Pantabing sa burges na rebisyunismo

Higit pa ang layunin
Na umambag sa pagmamartsa
Sa isang istorikal at epokal
Na misyon ng mangagawa
Iambag ang rebolsyong Pilipino
Sa proletaryong internasyunalismo
Sa pag-abot ng pandaigdigang komunismo

Alam ko anak
Na hindi mo pa ito lubos
At kakayaning maunawaan
Subalit ilang panahon na lamang
Susundan muna ang aking hakbang
Ng iyong ina at kuya
At sanlaksang mga kasama

Itay nais ko ding maging hukbo
At sana maging kasapi rin ng Partido


NDF

# Pasintabi sa Milenyal

huwag mong ipagpalagay
na ang iyong henerasyon
ay lubusang mahusay
kung  sa kaibuturan
ika'y gutay-gutay
sa kabila ng tila pinabilis
na ikot ng buhay
ay unti-unting tumatamlay
ang pagkilala sa sarili
sa kung anong butil at binhi
o ang pinagmulang uri

binihisan ka ng teknolohiya
na kumakain sa pagkilala
sa halip na matuto
ay inaanod kang papalayo
upang dalhin sa alapaap
at doon mangarap
na pribadong inilalako
sa gabay ng indibidwalismo

Ikinahon ka sa sirkulo
sa basurahang elektroniko
na animo'y pinagmumulan
ng nilalabusaw na kamulatan
sa dami ng bulok na kaalaman
hindi na matanto ang katotohanan

Pinwersa kang magsalita
ng dayong banyagang wika
sa tabing ng paglalako
at paniniwalang pinag-isang mundo
ng produkto ng monopolyo
diumano'y kailangang sumabay
sa nakakahilong paglalakbay
dahil kung mahihiwalay
tutuyain kang walang saysay

Inaaliw ka ng maraming palabas
at hindi na inaalala ang bukas
dahil ang turing sa iyo'y makina
gamit lang sa teknolohiya't
produksyong pumapagaspas
umiinog sa siklong magulo
na dinodomina ng anarkismo
mga indibidwal na pinaglalabo-labo
pagalingan, pahusayan
tunggalian, matira ang matibay
ang ritmo
sa batas ng komersyalismo
at naghihingalo't pilit
na sinasalbang merkado

ang mga natatalo
at pabulusok na sumusuko
ay sa isang sulok magtatagpo
litung-lito, umiiyak
at punong-puno ng panibugho
sa 'di maunawaang pinagmulan
at kalagayan
hahantong sa akalang depresyon
at kalungkutan
'di na alam ang pupuntahan
kundi sa kangkungan ng kasaysayan

kailangan kang matuto
sa paglulugar at paghanap
sa natatangi mong pwesto
upang maging ganap na makabuluhan
ang hinahanap mong pagbabago
bawiin ang nakatabing na pwersa
at estetikong ipinunla
buksan ang mata
titigan ang manggagawa't masa
na sa iyo'y  naghihintay at umaasa
sa mabilis mong pagbalikwas
at tunay na pagpapasya
pumanig at bumaling sa pakikibaka
dahil mas dito mo
tiyak na masusumpungan
ang tunay na pagpapalaya

# Alay sa Catbalogan 10
*ni Ming Pagbutlak*

Sa gubat na yaon,
pinagnasaan nila silang pinakamatuwid,
matatag ang tindig,
matayug ang tinatanaw..

pero di nila kinayang ibuwal
di nila kinayang itumba
gaano man kalakas na mga pagtaga,
gamitan man ng umaangil na makina.

hindi sila natitinag
sapagkat sila'y pinatibay ng panahon
panahong batbat ng humahambalos na unos
sa gubat na yaon, ng makauring himagsikan!

at nang sila'y nabuwal
hindi dahil sadyang malakas ang kalaban
kundi dahil pinili nila ang kamatayan
kaysa yumukod sa mga tampalasan at taksil sa bayan.

sa galit ng talunang berdugo,
ginutay-gutay ang kanilang katawan,
inalisan sila ng pagkakilalan
at inilayo sa lupang pinag-alayan nila ng buhay

pero bigo ang mga halimaw ng estadong gumigiwang

bigo silang sugbahan ang alab ng kanilang pagmamahal sa bayan
naglalagablab ang kanilang diwang palaban
sa gitna man ng karagatan ay brilyanteng kumikinang.

kahit ang katawan nila'y nag-abo
sa karagatan ma'y hinasik
hindi mapipigilan ang pagsasanib lakas ng Partido, Hukbo at masa
gaya ng mga alon na muli't muli'y humahampas sa dalampasigan.

sa gubat na yaon, malalim ang kanilang pagkaugat
sa kailaliman ng lupa, sa kaibuturan ng mga pusong nagmamahal sa demokrasya at kalayaan,
nanatiling buhay ang kanilang mga gintong aral,
nagpunla, nagpayabong ng laksa-laksang Komunista at mga tunay na lingkod ng bayan!

ang gubat na yaon,
ang karagatang kumupkop sa kanilang katawan,
ay ang gubat ng digmang bayan,
ang karagatan ng nakikidigmang mamamayan na lulunod sa kalaban ng bayan!!

walang kamatayan ang kanilang kabayanihan!
Mabuhay ang alaala ni Kasamang Benito Tiamzon at Kasamang Wilma Austria Tiamzon!
Mabuhay ang mga magigiting na kasama na minasaker ng pasistang militar sa Catbalogan, Samar!
Mabuhay ang Rebolusyong Pilipino!

*Abril 21, 2023*
*Pagpupugay at Parangal sa 10 kasamang minasaker sa Catbalogan, Samar*

# Tagapangulong A.L.

*Ni Ka Macario Salakay*

Ika'y mandirigma
Sa pulang larangan
Ganap ang batas
Ng rebolusyon at lipunan
Mahigpit ang tangan
Sa sandata ng bayan!

Wala kang sariling pag-aari
Ni anupaman
Liban sa aking lakas at
Talas ng kaisipan

Ngunit tiyak pakumbaba
Mong sabihin:
'Ang kaalaman ay sa masa
At ang lahat ay sa akin
Lang dumaan'

Patnugot ka kasama
Sa simula hanggang sa tagumpay
Magsasaka kang nagbinhi ng digmang bayan
Manggagawa kang araw-gabing gumagawa/lumilikha.

Samantala'y pinupulaan ka
Ng mga tampalasan-dinudurog
Pinupukol-tulad ng punong
Hitik na hitik sa kanyang bunga.

Maaaring tawagin kang
Paham, pantas o henyo kaya?
Muli ay sasagutin mo
"Masa ang tunay na bayani"

Ngunit nakaukit na sa kasaysayan
Ang iyong mga ambag
Sa dakilang proletaryong paglaban
Ay may natatanging kabuluhan
Sa pagpapalaya ng sangkatauhan!

Mabuhay ka!
Mabuhay ang MLM!


Ka Joma Lives!
NDF
Pulang Saludo,
Jose Maria Sison!

# Pinag-aralan Niya ang Buhay

*Ka Emil Caguioa*

Pinag-aralan niya ang buhay,
Kung paano lumalangoy ang mga palos sa mababangis na ilog,
Kung paano dinedepensahan ng mga lumot ang mga puno mula sa hamog,
Kung paano nananatiling malusog ang kagubatan kahit sa panahon ng tagtuyot

Pinag-aralan niya ang buhay,
Kung paano naglalakad ang mga baboy-ramo sa matatarik na bangin,
Kung paano nakakayanan ng mga saleng ang klimang napakalamig,
Kung paano pinapasigla ng araw ang mga bulaklak ng marapait

Pinag-aralan niya ang buhay,
Kung bakit may mga linta, na walang ibang ginawa kundi sumipsip ng dugo mula sa katawan ng iba,
Kung bakit nilokoko ng mga hunyango ang kanilang kapwa,
Kung bakit nananatiling hari't reyna sa katubigan ang mga buwaya,

Pinag-aralan niya ang buhay,
Kung bakit may mayaman at dukha,
Kung bakit nagugutom ang mga nagtatanim,
Kung bakit naghihirap ang mga lumilikha

Sa kanyang pag-aaral ng buhay, siya'y pinaslang ng mga pasistang hayop,
Upang hindi kumalat ang kaalaman ng buhay,
Upang hindi makamit ng masang api ang pag-unlad sa kanilang buhay,
Upang sa huli'y hindi magtagumpay ang pagbabago, ang katangi-tanging batas ng buhay

Sa kanyang pag-aaral ng buhay, inialay ang sariling buhay
Upang kumalat ang kaalaman ng buhay,
Upang makamit ng masang api ang pag-unlad sa kanilang buhay,
Upang sa huli'y magtagumpay ang pagbabago, ang katangi-tanging batas ng buhay

*November 2021*
*-Alay kay Jan Michael "Ka Simon" Ayuste (1993-2021), martir ng sambayanang Pilipino*



# Para kay Ka Denver

*Ni Ka Dika*

Hindi na maikakaila ang kanyang edad
Sa kanyang kumulubot ng mga balat
Na sinunog na ng deka-dekadang pakikipagbuno para mabuhay
Hindi na maikakaila ng kanyang bukong-bukong at tuhod
Na sa mga lusungin ay lintik kung kumirot
Hindi na maitatanggi ng kanyang pagtawa at pagnguya
Na ang kanyang mga ngipin ay nagretiro na

Siya'y hindi na nga maibibilang sa hanay ng sumisibol na kabataan
Pagkat ang kanyang kabataa'y malaon nang inilaan
Sa pagsusulong ng matagalang digmang bayan
Siya'y hindi na nga bata
Subalit kanyang pagtanda
kailanma'y hindi niya inalintana
Pagrereti ro'y wala sa kanyang hinuha
Tanging hangad nya
Inaaping uri ay lumaya
Karangalan para sa kanya
Ang mabuhay sa pagmamahal ng masa
Kapalit man nito'y araw-araw na pangungulila
Sa pinakamamahal na mga anak at sinta

Kaya naman nadadaig nya ang mas nakababata
Sapagkat,
Buhok man nya ay nalagas
Ngipin man nya ay nagwakas

Nabawasan man ang lakas
Kanyang paninindiga'y nananatiling matikas

Kaya't, kahit nangangatog na ang tuhod
Walang nakaliligtas sa kanyang mga ubod
Inisyatiba'y laging nariyan
Basta hindi masama ang pakiramdam
Umasa kang gatong sa kusina'y hindi mawawalan
Laging nakatakyad ang hinasa pa nyang sundang
Singtalas nito ang kanyang memorya
Ipakwento mo na lahat ng eksena
Tiyak na daig mo pang nakapanuod ng pelikula
Sa nakakaaliw nyang pagkukwento na may aksyon pa!
Singtalim ng kanyang itak
Ang kanyang propaganda sa hanay ng masa at kasama
Na halaw mismo sa kanyang sariling karanasan.
Kaya naman, sa minsang pagdaraop
Siya'y tumatatak sa bawat kamalayan.

Sa ika-63 taon ng kanyang kaarawan
Tanging hiling nya'y simpleng pagdiriwang
Kaunting pansit puti na pagsasaluhan
At mainit na pagbati at mga awitan
Sa pusod ng Sierra Madre
Kung saan pinili nyang mamuhay ng payak
Kasama ang kauri at pulang mandirigmang
Inilaan na ang buhay para sa kalayaan!

*Marso 27, 2023*

# Hindi makalilimot

*Ni Alon Aurora*

Sinong kasama ang makalilimot?
Sa kwelang kasamang
laging masayang nakikibaka
tumatawa, nagpapatawa
kahit madalas na nadarapa
pagkat para sa kanya,
ang tunay na saya
ay nasa paglilingkod sa masa.

Sinong masa ang kayang lumimot?
Sa kanyang magiting na hukbo
na sariling ambisyo't karangyaa'y
ibinaon sa limot
dunong at lakas inialay ng walang pag-iimbot
at kahit na sa kamataya'y hindi natakot

wala, kailanma'y walang makalilimot
sa ikalabing anim ng hulyo
taong dalawang libo't dalawampu't isa,
alas onse ng gabi,
kahit ang mga piping saksi,
araw ng 'yong dakilang pagkasawi.

Walang sayo'y makalilimot
kahit ang mga berdugo'y di kayang malimot
ang mga ngalang
Ka Atong/Allen/Peter/Kalbo/Jason
ang pangalang Neptali Santos
na tatlong dekadang naging sakit ng ulo't
kanilang bangungot.

Sa labis nilang takot,
tinadtad ka ng bala hanggang hiningay malagot,
upang sa mga rebolusyonaryo'y maghasik ng takot,
maging bantulot
at sa kilusa'y tuluyan nang tumalikod.

Subalit wala,
walang sinuman sa amin ang makakalimot,
sa tulad mong makata't hukbong komunista.
sa 'yong mga makamasang tula, turo at paalala.

At higit sa lahat,
hinding hindi namin malilimot,
ang dahilan sa iyong magiting na pagkabuwal,
ang panatang ating sinumpaan,
mahigpit mong tinanganan -
"ang taos-pusong paglingkuran ang sambayanan,
buhay ma'y ialay kung kinakailangan."1

*July 24, 2021*
*(Pinakamataas na pagpupugay kay Ka Jayson at Ka Sandy, tunay na bayani ng sambayanan!)*



# Babaeng Gerilya

*Ni Alon Aurora*

AMAZONA:
Sila ang tinaguriang babae
Sa mitolohiya ng griyego
O ang ibong kulay berde
Ang pakpak sa bayan ng kano

Subalit dito sa bayang sinilangan ko
Sila ang babaeng rebolusyonaryo
Kumawala at bumabasag sa mitolohiyang dayo -
Na ang babae ay bagay lamang sa kwarto
Katambal ng inuming kwatro-kantos
Na ilaw ng tahanan, nagbibigay liwanag
Subalit walang tinig na maaninag
Na lampa at walang alam gawin sa mundo
Kundi ang sumaklolo sa magiting na sundalo
Gaya ng inilalarawan sa mga palabas at libro

Sila ang babaeng rebolusyonaryo
Hindi sila ang ibong kulay berde
Sila'y kulay lupang nag-aanyong berde
Pagkat higit pa sila sa ibon
Walang pakpak pero kayang lumipad
Anumang pilit ay di kayang ipiit
Ang kanilang mapagpalayang isipan
Armado ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Na syang gugupo sa agilang dayo.

Pagkat sa bayang sinilangan ko
Sila ang tinaguriang babaylan -
Makapangyarihan!
Di lang bumabasa ng kapalaran
Bagkus iginuguhit ng sariling dugo ang kasaysayan ng bayan

Gamit ang sariling talino't lakas
Bitbit ang di maaagaw na armas
Kasama sa sandatahang lakas
Kaisa ang masang dinadahas
Tinatalunton ang landas
Sa estratehikong pagkapatas
Hanggang makamit ang maaliwalas na bukas.

Pagkat sa bayang sinilangan ko,
Sila ang mga BABAENG GERILYA.

*June 10, 2018*
*Para kay Ka Tim na aming pinunong amazona at sa lahat ng matitikas at magigiting rebolusyonaryong babae!*

# Tatak Wong

Alas-5 ng umaga noong Abril 6, alertong hinawakan ni Ka Wong ang kanyang M16 para labanan ang kaaway na papalapit sa bahay na kanyang tinutuluyan sa Sityo Gale, Barangay Lapok, Talakag, Bukidnon. Pero sa huling sandali, hindi niya ito pinaputok. Batid niyang hindi ililigtas ng kaaway ang dalawang bata at kanilang ina na noo'y nasa loob ng bahay. Pinili niyang magpa-aresto kahit alam niyang halos siguradong papatayin siya at mga kasama niyang mandirigma ng mga berdugo. Kasama niyang dinakip nang buhay sina Ka Del, Ka LJ at Ka Tiga. Huli silang nakitang isinakay sa van ng mga sundalo. Alas-5 ng hapon, nakarinig na lamang ang mga residente ng sityo ng putukan sa kabilang barangay. Kinabukasan, ibinalita ng militar na napatay ang apat sa isang "engkwentro." Matapos kunan ng litrato para ibalandra sa social media, sinunog ng mga berdugo ang kanilang mga bangkay.



Matatawag na propesyunal na mandirigma si Ka Wong. Kilala siya bilang Atom, Danny, Khan, Enan, Bloom at Kulay sa iba't ibang bahagi ng North Central Mindanao Region (NCMR). Sa panahon ng kanyang pagkamartir, tumatayo siyang kumander ng isa sa mga subrehiyon na pinamunuan niya mula 2012 at bise kumander ng Regional Operations Command ng Bagong Hukbong Bayan-NCMR. Isa rin siyang mahusay na myembro ng komite ng Partido Komunista ng Pilipinas sa rehiyon.

Ipinanganak si Ka Wong bilang Carlicio Sumalinog noong Agosto 19, 1980. Sa mga talakayang-buhay, lagi niyang naikukwento na pinulot lamang ng kanyang ina ang kanyang pangalan sa almanake. Orihinal na galing Cabadbaran ang kanyang pamilya, pero dahil sa hirap ng buhay sa bukid, nagpasyang makipagsapalaran sa syudad. Lumipat sila at nanirahan bilang maralitang-lunsod sa Butuan City. Tinulungan niya ang kanyang ina na buhayin ang pamilya sa pamamagitan ng pagtitinda sa terminal at palengke sa kanyang murang edad, hanggang sa pagiging drayber ng traysikad na pabiro niyang tinawag na "van." Responsable at mapagmahal na anak si Ka Wong.

Namulat siya sa rebolusyon sa edad na 15. Nagkaroon ng bantang demolisyon noon sa kanilang komunidad para bigyang-daan ang "Project 2000" ng noo'y rehimeng US-Ramos. Bantog ang programang ito sa pagpapalayas sa mga residente upang paboran ang pagpasok ng malalaking gusaling pangkomersyo, gayundin ang pagsasapribado sa pamilihan at terminal ng lunsod. Bilang kabataang nakikibaka, aktibo siyang nagmulat at nag-organisa sa kapwa niya kabataan sa kanyang komunidad. Pinamunuan ang organisasyon ng Anakbayan upang sama-samang pigilan ang anti-mamamayang plano ng rehimen. Pagsapit ng 1998, umigting ang tunggalian sa pagitan ng maralita at ng mga naghahari-harian na gustong ipademolis ang kanilang lugar. Naging brutal ang estado sa kanila. Sa taon ding iyon, sumapi si Ka Wong sa BHB para ipagpatuloy at iangat ang antas ng kanyang pakikibaka.

Sa loob ng hukbo nakita ni Ka Wong ang kanyang natatanging lugar sa rebolusyon.

Noong 2001, nagkaroon ng pananambang sa Manggumas-aw kung saan halos isang platun ng DRC ng AFP ang muntik nang malipol. Nasaksihan dito ng mga kasama ang husay ni Ka Wong bilang mandirigma. Agad siyang ipinadalo sa pagsasanay ng mga isnayper kung saan nakita ang kanyang likas na kasanayan. Mula pagkabata, nalinang niya ang kanyang husay sa pangangaso, mula sa pagpuntirya sa ibon gamit ang tirador. Mabilis siyang umangat bilang upisyal ng hukbong bayan. Sa loob ng tatlong taon, itinalaga siyang upisyal sa pulitika ng Regional Main Guerrilla Unit ng NCMR. Isa siya sa mga nagpalawak sa Agusan, Misamis Oriental at Bukidnon. Kasama siya sa nagbaklas sa mga balakid sa pagtatayo ng baseng masa sa nasabing mga prubinsya.

Matalas ang mata at pulso ni Ka Wong sa pang-iisnayp. Kabilang sa kanyang rekord ang pag-isnayp sa dilim sa upisyal militar na nag-COPD/RSOT sa Zamboanguita (Malaybalay City) na noo'y nasa sentro ng baryo. Napatay ang upisyal ng kaaway habang nasa kalagitnaan ng “pulong-pulong” at operasyong saywar. Isa pa sa kanyang personal na rekord ang pag-isnayp sa isang pulis habang nagmomotorsiklo na tinamaan niya sa batok. May inisnayp din siyang nagsusugal na mga upisyal sa loob ng detatsment, pati na rin ang mga rumesponding CAFGU, sa layong 300 metro.

Sa loob ng sampung taon, bahagi siya sa pagpaplano at pamumuno ng mga aksyong militar ng SRC, tulad ng pagsalakay sa plantasyon ng Del Monte at ambus sa Tigbas, kapwa noong 2013, gayundin ang ambus sa sa Intabas noong 2017. Ginabayan niya ang mga taktika at teknik ng militar at pagsasanay sa hukbo lalo na sa pang-iisnayp. Madalas din siyang bumibyahe sa iba't ibang yunit para sanayin ang mga bagong isnayper. "Tatak Wong" ang tawag sa mga bagong isnayper na umuusbong sa rehiyon.

"Ito ang propesyon natin," laging paalala niya sa mga Pulang mandirigma.

Masaya at masigasig si Ka Wong sa trabaho, at maunawain sa mga kasama. Dumanas siya ng personal na mga hirap, katulad ng pagtataksil ng kanyang asawa

at pagkakait nito na makita niya ang dalawa nilang anak. Sa tuwing nakikitulog siya sa bahay ng masa, tumatabi siya sa mga bata para maibsan ang lungkot sa dalawang anak.

Sa gitna nito, lalupang pinag-ibayo ni Ka Wong ang pagsisilbi sa rebolusyon. Pinagtibay niya ang kanyang paninindigan sa pamamagitan ng pagtulong sa yunit na kumikilos sa teritoryo ng mga Moro. Mabilis siyang naging malapit sa masa kung saan nakilala siya bilang Khan. Madalas siyang hinahanap ng masang Moro, pinadadalhan ng tresbi* at kaunting asukal at kape.

Pinatay man ng kaaway si Ka Wong, mananatiling buhay ang kanyang pamana. Marami na siyang sinanay sa mga isnayper, mandirigma at upisyal sa deka-dekada niyang paglaban.

** tresbi o 3B, tatak ng nirolyong tabako*

# Mga Inapo ng Araw

Kasal sa Partido si Ka Tiga, isang Pulang kumander, at si Ka Lj, upisyal medikal sa parehong yunit. Kasama si Ka Wong, tumulak sila sa isang sityo noong Abril 2021 para dinggin at asikasuhin ang problema sa lupa ng mga Lumad sa lugar. Doon nila sinapit ang mapait na katapusan sa brutal na kamay ng kaaway. Dalawang buwang buntis si LJ. Pang-apat sana ang bata sa naiwan nilang tatlong maliliit na anak.

Isa si kasamang Tiga sa mga katangi-tanging Pulang kumander na handang ibuwis ang sarili para bayan. Kalahati ng kanyang buhay ay inialay niya sa paglilingkod sa rebolusyonaryong kilusan. Sa mga prenteng gerilya sa Bukidnon, kilala rin siya bilang CJ, Marvin at Man-man. Namartir siya sa edad na 30.

Gumampan siya ng susing papel sa pagpapalawak sa Mt. Katinglad at Kalatungan. Noong 2013, naipatupad ng kanyang yunit ang serye ng mga aksyong pagpaparusa laban sa mapanira sa kalikasang operasyon ng mga multinasyunal na Del Monte at Dole.

Ilan pa sa mga tagumpay na aksyon na kanyang pinanguluhan ang mga ambus laban sa yunit ng 1st SFB sa Invatas, La Fortuna, Bukidnon noong 2017 at laban sa mga elemento ng PNP sa Sityo Mapait, New Eden, Pangantucan, Bukidnon noong 2016. Pinamunuan din niya ang pagdidisarma sa bandidong grupo ni Dato Zulieta sa Kambangon, Lilingayon, Valencia City noong 2012, reyd laban sa mga pwersa ng 1st SFB sa Green Valley, Dalwangan, Malaybalay City noong 2019, at serye ng mga aksyong disarma sa mga armadong tauhan ng isang pulitiko, isang malaking usurero at isang drug lord sa Valencia City.

Samantala, isang rebolusyonaryo at mapagmahal na ina si Jelly Sugnot na kilala bilang Ka LJ, Hazel, Yaya, Kian at Asi. Pinanindigan niya ang paglilingkod sa rebolusyon kung saan hindi niya hinayaang maging hadlang ang pagkakaroon

niya ng tatlong anak.

Kabaliktaran ang kanyang paninindigan sa itinuturo ng lipunang pyudal-patriarkal na ang isang ina ay nararapat lamang sa pamamahay, mag-alaga ng mga bata at walang karapatang makialam sa usaping panlipunan.

Matatag ang kanyang paninindigan na ang kanyang pagrerebolusyon ang pinakamahalagang paraan ng pagpapahayag ng pagmamahal sa kanyang mga anak at sa milyun-milyong mga anak ng mga manggagawa at magsasakang pinagkaitan at inaapi sa umiiral na lipunan.

"Inahan" (inay) ang tawag sa kanya ng ilang mga kasama dahil sa kanyang seryoso at mahusay na pagpapayo sa mga dumaranas ng krisis. Siya rin ang itinuturing na ina ng mga kasamahang medik ng subrehiyong kinabilangan niya.

Bilang upisyal medikal, tumatak sa mga kasama ang kanyang kasigasigan at pagpupunyagi sa gawain lalo na sa paggagamot ng ilang kritikal na mga kaso. Walang pag-aatubiling ginawa niya ang makakaya para iligtas ang buhay ng mga kasama na malubhang nasugatan sa isang reyd noong 2016. Kalmado at metikuloso na isinagawa niya sa pagkakataong ito ang maseselang proseso ng paggamot. Noong 2020, matagumpay ding natulungan nila ang dalawang naghihingalong kasama na nasugatan sa engkwentro. Dahil sa mapanganib na kalagayan ng mga pasyente ay nakapagbreyktru ang mga medik sa kinakailangan at angkop na pagsagawa ng operasyong "chest tube."

Ang mga nakamit ni Ka LJ at mga kasamahan niyang medik ay may ipinangangakong kumpiyansa na mas lalawak pa ang maaabot ng pagtututo at pagpapakahusay nila sa gawain. Subalit ang pagkakataon ni Ka LJ na mag-ambag sa pagsulong ay tinapos ng mga berdugong militar na kumitil sa kanyang buhay.



# Bahay ni Lyka

Di mabilang ang pagkakataong palipat-lipat ng matitirhan si Ka Lyka noong bata pa siya. Natagpuan lamang niya ang kanyang tunay na tahanan sa bisig ng rebolusyon. Dito niya nakilala ang matuturing niyang kapamilya, kapatid at kasama na gumagabay at katuwang niya sa pagbabagong-hubog at pagharap sa mga hamon ng buhay.

Sinagip si Ka Lyka ng mga kasamang kumikilos sa Lanao del Sur noong Abril 2019. Suot niya'y masikip na pantalon, hugis bilog na mga salamin at sweater na simbulaw* ng kanyang kinulayang buhok. Agad siyang napalapit sa mga kasama dahil sa katangian niyang masayahin at magaling makisalamuha, malambing at madaldal. Madali rin niyang naintindahan ang kahalagahan ng armadong rebolusyon at hindi nagtagal ay nagpasyang sumampa sa Bagong Hukbong Bayan.

Sa likod ng kanyang masasayang ngiti ay may madilim na kahapong bumabagabag kay Ka Lyka. Ginahasa siya ng kanyang amain noong siya'y pitong taong gulang pa lamang. Ngunit sa halip na tulungan at protektahan ay napabayaan lamang siyang masadlak sa matinding inhustisya. Sa murang edad ay napilitan siyang gumala-gala at maghanap ng mga paraan kung paano bubuhayin ang sarili.

Sa edad na 10, namasukan siya bilang katulong sa isang maykayang pamilya. Ngunit ang kanyang among inaasahan niyang tutulong sa kanya ang siyang tumulak sa kanya sa higit pang kasamaan. Ginawa siyang kuryer ng shabu, pinilit na gumamit ng droga, at ginawang parausan o sex slave nito.

May mga pagkakataong naisip niyang maglayas at magpatiwakal para tapusin na ang kanyang paghihirap. Ngunit lingid sa kanyang kaalaman, matagal nang nag-aalala at naghahanap ang kanyang mapagmahal na kuya na isang Pulang mandirigma.

Sa tulong ng isang kamag-anak, nakausap niya ang kapatid na si Kasamang Ikaw. Ikinuwento niya sa kapatid ang kanyang kalagayan sa kamay ng amo.

Labis mang nasaktan, batid ni Ka Ikaw na biktima ng mapagsamantala at mapang-aping lipunan ang kanyang nakababatang kapatid. At isa lamang siya sa napakaraming babaeng biktima ng mga karahasan at kawalang-hustisya. Buo ang kanyang pananalig na maliligtas ang kapatid sa tulong ng mga kasama.

Umayon si Ka Lyka sa plano ng mga kasamang sasagipin siya sa tamang pagkakataon. Naisakatuparan ito nang sa isang madaling araw ng Sabado, pinayagan siyang sumama sa pamamalengke sa bayan. Nagpaalam siyang pumunta ng kubeta para lihim na kontakin ang naatasang sumagip sa kanya. Huli na nang namalayan ng amo ang kanyang pagtakas. Naglalakad na siya patungo sa bundok kung saan naghihintay ang mga kasama at ang kanyang kuyang sabik na makita siya.

Tatlong taon nang kumikilos sa Hukbo si Ka Lyka noong Abril 2022. Nahanap na niya dito ang tunay na kaligayahang mabuhay ng may dangal at respeto. Gumampan siya ng gawaing medikal at nagpapakita ng kasipagan sa pagsasanay sa panggagamot. Naging malapit siya sa mga masang Moro at Lumad dahil sa kanyang kabatiran sa mga wika nila. Kinagiliwan din ng mga kasama ang kanyang mabilis na pagsasalita.

Tuwing magkamali at napupuna, napapaluha si Ka Lyka. Subalit aniya, ito ay luha ng kasiyahan dahil sa mga kasama lamang niya naranasang may pumapayo at gumagabay sa kanya. Sabik siya sa mga pagpapaintindi at sa loob lamang ng organisasyon na kanyang nararamdaman ang kabuluhan ng mga pangangaral. Naintindihan din niya ang kahalagahan ng pagpanibagong-hubog at walang katapusang pagwawasto sa mga pagkakamali.

Napakasakit para kay Ka Lyka ang pagkamartir ng kanyang kapatid na si Ka Ikaw

sa isang insidenteng pambobomba noong Pebrero 2020. Ngunit kailanma'y hindi niya inisip na umalis sa paglilingkod. Ang kanyang rebolusyonaryong determinasyon ang pumawi sa mga luha at kalungkutan, at tumulak sa kanyang mas pagbutihin pa ang pagkilos.

Abril 18, 2022, pinaslang ng begdugong 1st SF Bn si Ka Lyka sa Imbayao, Malaybalay City. Dalawampung taong gulang lamang siya.

* kulay ginto



# Pagkatapos ng Iyong Pulong

*ni Ka Olive*

Hindi gaya ng ibang gabi
mistulang laan ang isang ito
sa paghihintay na walang pagal.
Bilin mo, pagkatapos ng pulong
sabay tayong maghahapunan.
Bukas pa sana itong ulam.
Ang paborito mong
pritong Lapu-lapu at talbos
ng kamoteng sinigang. Mamaya,

sasandukin ko ang mainit na kanin.

May isang kamatis
na hiniwa ko nang maliliit
at inilagay sa toyong
pinatakan ng paminta

At binusang bawang.
Mag-aalas-otso na.
Isang oras ka nang
lumisan sa Punturin.
Pagpatak ng alas-diyes,
hindi lamang kanin at ulam
ang dinapuan ng lamig.
Nakabibingi ang kutob
sa bawat pagsilip ko
sa namamanhid na telepono.

Mag-aalas dose na

at kailangan ko nang itago muna
ang ating hapunan.
Naparam ang gutom
pagkat karera ng balisa
at bagabag ang dumaloy
sa isip ko't dibdib.
Maliit ang mesang
saksi sa kumpas ng kaba
sa mga ugat ng namumulang
mata at namumutlang palad.

Baliko na ang upuan
sa isip at pananaw kong
nagwawari at nagbubulay
sa iyong lagay. Kinabukasan,

hindi pa rin mababawasan
ang mga inihanda kong ulam.

Isang gabi,

isang linggo,
ilang pagbilog ng buwan.

Hindi pa bumabalik
ang buong huwisyo.
Walang pahintulot
ang pagluha at pagtangis

ngayon at maging

sa maraming bukas.
Sapagkat sa paghihintay

patuloy na isusulong
ang mga gawain
nang walang kapagalan.
Isa lang ang sigurado:

Magbabalik ka
at maghihintay ako
kasama ng libo
at lilang kamao.

*18 Hulyo 2022*
*Para kay Ka R.*

# Sinumpaang salaysay para sa hukuman ni Raymond Manalo

*ni Ka Macario Salakay*

Nang mabasa ko ang nasabing salaysay;

Nanginig ang buo kong katawan
Wala pang nagpa antig sa akin sa nakaraan
Ni mga trahedhang animo'y kagimbal-gimbal
Sorpresang atake ng kaaway o pagka bihag man.

Buhay na buhay ang mistulang dramang inilalahad
Gumagalaw ang mga anino't larawan
Sa isang bahagi ng malaking teatro ng maka uring tunggalian
Sa pagitan ng mga mamamaslang at pinapaslang
Sa mga sikretong kulungan

Nakikita ko ang pagpapaahirap sa mga bihag
Pagpatay sa mga walang kalaban laban
Naririnig ko ang  mga impit na daing
Pagtangis, pagsigaw sabay ng halakhakan

Naaamoy ko ang lansa ng sariwang dugo
Mapait- pait, mapakla-pakla na lasa ng pulbura
Ramdam ko ang mga suntok, tadyak, sampal, kulata
Daloy ng kuryente at tubig sa lamog nilang mga katawan

Nagngalit ang aking mga bagang
Kumuyom ang aking kamao

Tumatambol ang aking dibdib
Mata'y napatitig sa aking baril!

Ako'y lalong nagngitngit sa mga pasistang kaaway
Mga berdugo ng Imeryong Romano sa kasaysayan
Sa ngayon'y modernong makinang pamuksang ginagatungan
Ng buktot at brutal na pagkamuhi sa bayan

At sino itong si Heneral Jovito Palparan?
Ang tiranong bayani ng imperyalista't tuta sa Malacañang
Asong ulol na tumutulo ang laway sa kahayukan
Bahag naman ang buntot ng minsang tambangan

Ang terorismo ng estado ay
Ang terorismo ng imperaryalismo
Ang pinaigting na pasistang panlilinlang at pandarahas
Desperadong mga hakbang sa di magaping digmang bayan

Samantala'y  kapuri-puri ang kabayanihan
Ang katapangan ng mga bayaning buhay
Walang pagsuko, walang pagsusumamo
Ang huling paglaban hanggang sa huling tibok ng kanilang puso

Higit sa lahat matalas na inilinaw ng salaysay
Ang pangangailangang
Pagbayarin ang mga kriminal mula sa utak hanggang sa mga galamay
Durugin ang mga piitang pader at bakal
Ibagsak ang mapang api at mapagsamantalang lipunan.

*Abril 2009*

# SOLUSYON:

## Ano ang gagawin para hindi maipit sa ECLIP?



# Kina Marlon at Christopher na aking Kababata

*ni Samantha Roaguerra ng Makibaka-NDF-Ilocos*

Sa tag-ulan, masaya tayong nagsasayawan
Nagtatakbuhan, nagtatalunan, naghihiyawan
Nagkakatuwaang isulat ang mga letra sa putikan
Sa gitna ng inosenteng halakhakan

Sa Disyembreng mahangin, nagsasalubong tayo upang tipunin
mga balisang bugso ng hangin sa bukirin
Mga saranggola'y pailanlangin, pabulusukin
sa dulo ng pisi nakasingkaw matatayog na mithiin

Sa tag-araw, naghahagikhikan, nagpapatulinan
sa kumikislap, puti-abong dalampasigan
Sinasabuyan ng alon ang pangitain ng kinabukasan
winawalis ng hangin ang hinahon ng karagatan

Naalala ko ang mga gabing maliwanag ang buwan
naglalaro tayo ng taguan, nagpapaligsahan
Mumunting talampakan tumatalilis sa kadiliman
mga paslit na palad nagkakadaupan

Marami nang dumaang tag-araw at tag-ulan
kadiliman at kabilugan ng buwan sa mga pagitan
Mga kamay nagbitawan sa tunguhing nagsalungatan
kayo sa kanluran, ako sa silangan

Ngayon, tuwing yumayapos ang dilim sa liwanag
naririnig ko ang yabag ng lumaki nang talampakan
Na tumatapak sa palad ng masang mahihirap
sa gitna ng nagkagulang nang mga halakhak



At sa paghigop ng dagat sa buwan
sa silangan tumalilis ang aking talampakan
Pumasok  sa yungib ng naidlip na kagubatan
habang sumasaboy ang pumupusok na digmaan

Hindi na natin mapagdadaop ang ating mga palad
matipon ang hanging sa kapalara'y nagpapadpad
Dahil pinagbangga ng bugso nakasingkaw na mga pangarap
na nagtakda kanino maninilbihan

kayo sa mayayaman
ako sa mahihirap



# Daang hanter 2

*ni Ka Yuhim Isog*

I. Babala! May daang hanter na di dapat taluntunin
Sa wari'y maiksing ruta, mas madaling bagtasin
Matubig ang daan, maraming amukaw na makakain
May *wild strawberries* pang mapipitas
Mayayabong punong nagbibigay lilim

Mag-ingat! Umalerto!
Sa daang sumisiko, may panganib na nagbabadya
Makipot, malalim, nakakakulong na kalupaan
Sa makapal na sukal, may berdugong nagkukubli
Demonyo! Hukbo ng masa ay ipinagkanulo!
Ito ang daang hanter, piniling landas ni Gabot de la Cruz
Taksil sa lahing Ayta! Taksil sa uring magsasaka!

II. Ang paghahanting ay maringal na tradisyon ng pambansang minoryang Ayta
Katutubong hanapbuhay na sumasanib at sumasalig sa kalikasan
Katibayan ng angking talino at tyaga ang bawat mailap na hayop na nasisilo
Patotoo sa taglay nilang lakas at liksi ang mababangis na hayop na nagugupo ng kanilang umbento.
Kalikasang sa kanila'y nagbigay buhay
Teritoryong kanilang ipinagtatanggol sa dayong mangangamkam
Subalit may lumabusaw sa tradisyon, winawasak ang kultura
Mga para-militar, CAFGU, SCAA, mga lokal na ahente ng estado!
Sina Gabot de la Cruz, Loreto Manalaysay, Inad Manalaysay, Puyon Dasca—iilan lamang sila
Kakarampot na elementong taksil sa interes ng sambayanang Pilipino
Dumudungis sa pangalan ng magigiting na hanter
Itakwil sila! Palayasin sa lupang ninuno!

III. Ang pagpili ng tataluntuning daan ay isang pagpapasya...
Piliin ang daang hanter ng  masang nakikibaka para sa kalayaan at demokrasya
Batbat man ng kahirapan, ng mga liko't sikot
Nakakatiyak namang tagumpay ang kapupuntahan.
Piliin ang daang hanter ng iilang taksil at tampalasan
Sugsugin, upang sila'y usigin
Pagbayarin ang mga taksil at salarin!

*2019 Marso 30*
*Habang umuulan at si ka misa'y naglilista ng pakturang wala pang katiyakang mabibili*




FOCUSED
MILITARY
OPERATIONS

# Traydor

Koro
kinabuhing gibalikan mangitngit pa sa alkitran
Gusto pang pahimuslan sa SP/ SK nga katilibangban
Kadinang nakagapos gibalik paghugot
dugay na kini nga mga estilong binugok

Unang stanza
paminawa kining usa ka kanta
mga traydor nga misul-ob sa
buoutang maskara
Sila ang mga taong nahisakop sa dimonyo
og kanunay nga gidaot pristihiyo sa Partido
Dili ikatingala ang dimonyong sama nila
mga pesting naga samok umahan sa mga masa
Kanhi silang gisaligan og higala sa kauban
apan karon nahimo ng kaaway sa katwhan
Sila ang mga traydor nga babag sa pag-asdang
Aron pugngan ang revolution sa hingpit nga kadaugan

nawad-an nag paglaom ang ilang kaugalingon
Mga tawong talawan sa sakripisyog kalisdanan
Nagaplanog dautan aron masa atakihon
susama sa iro ang ilahang sitwasyon
Ayha bahogan kinahanglan papaghoton
Human makakaon pwede nang papaulion
sa dako nilang balay nga mao ang batalyon
Mas gipili pang magyukbo aron lang dili presohon

Ikalawang stanza:
Nanghinambog pa sila nga kuno haruhay na
Kay programa nga Eclip nakatabang daw kanila
maovah haha
daghan daw ang na kwartahan
kay lagi gipasaligan
kung molayas og pusil ila daw pagabayaran
agrisibong gipanglokat ang tanan nga nahibaw-an
Kinabuhi sa mga traydor nga nahimong kawatan

Pastilan
hayahay na kuno?
Pero kaaway lang nahimong milyonaryo,
may uban gihatagan ra pud nila'g munho dayun
sa ulahi ilabay ra'g morag trapo
Kasagarang rason, gikapoy maong nangambak
Daghan pag propaganda nga pulos pagpamakak
Gusto kuno magpuyo uban sa ila nga pamilya
Apan karon asa? nagmalipayon ba?
ug karon kamusta na ? nagmalinawon ba?
Silang tanan karon halos dili na mahimutang ug
Dili naman gani katulog nga mag hayang
Kay sayud nga sa rebolusyon siguradong paga silutan

Ikatlong stanza
Dili ikatingala mga pundok sa demonyo
Kaliwatan nga kabilin ni emilio aguinaldo
Sila Ang nagdala sa linyang rebisyunismo
Og planadong gituis ideya sa marxismo

Mga lava og taruc kadaugan gisayangan
Mga tawong  kriminal sukad pa sa kasaysayan
Sila ang nagdala sa dunot nga impluwensya
Mga membro sa partido derktahang gipaluya
Dili kita luwas niini nga sitwasyon
Mga gawing karaan babag sa pagpadayon

Kasagaran  mobati og mangatras sa trabaho
Kay nagpatigbabaw kahadlok tendensiya nga pasibo
Padayong pangbangi sa sayop tali sa husto
Aron lamang mabatokan  pagka  indibidwalismo
Kinahanglan palambuon ang  imong kahimatngon
Dili angay magkampanti'g kanunay kang  magtuon
Porsigidong nga pag-umol sa imong  kaugalingon
Kana ang angay buhaton  aron  maghimo kang lig-on

---

**Traydor**

Buhay na binalikan maitim pa sa alkitran
Nais pang pagsamantalahan ng MK/MP na lipunan
Kadenang nakagapos lalo pang pinahigpit
Luma na itong mga estilong bulok

Yeah.. Pakinggan itong isang awitin mga traydor
na nagsusuot ng maamong maskara
Sila ang mga taong sinaniban ng demonyo
palaging panira sa dangal ng Partido
Hindi ikapagtataka ang demonyong tulad nila
Mga pesteng namiminsala sa sakahan ng masa

Ang dating pinagkakatiwalaan at kaibigan ng mga kasama
Ngayo'y kaaway ng sambayanan
Sila ang mga traydor na hadlang sa pagsulong
Para pigilan ang rebolusyon na ganap na magtagumpay
Nawalan na ng pag-asa sa kanilang mga sarili
Mga taong duwag sa sakripisyo't kahirapan
Nagbabalak ng masama upang masa'y atakehin
Tulad ng aso ang kanilang kalagayan
Bago pakainin kailangang tumahol
Matapos pakainin pwede nang pauwiin
Sa malaki nilang lungga sa batalyon

Mas piniling yumuko para di mabilanggo
Nagmayabang pa silang umasenso na
Kasi programang ECLIP nakatulong daw sa kanila
Ganun ba? Haha
Marami raw yumaman
Kasi pinangakuan na kapag magtakas ng armas
kanila raw babayaran
Agresibong hinukay ang lahat ng nalalaman
Buhay ng mga traydor na naging kawatan
Aba, sagana na daw ba?
Pero kaaway lang naging milyunaryo
Merong iba binigyan lang ng barya
Pero sa huli itatapon lang na parang basura
Karaniwang dahilan, napagod kaya lumayas
Marami pang propaganda na puro kasinungalingan
Nais umanong mamuhay kasama ang pamilya
Pero ngayon nasaan na? Naging masaya ba?
At ngayon kumusta na? Naging payapa ba?
Silang lahat ay hindi mapalagay at

hindi makatulog na nakatihaya
Dahil batid nilang sa rebolusyon sila'y paparusahan

Hindi ikapagtataka mga pangkat ng demonyo
Lahi na pamana ni Emilio Aguinaldo
Sila ang nagdadala sa linyang rebisyunismo
at planadong nilihis sa Marxismo
Mga Lava at Taruc, tagumpay ay sinayang
Mga taong kriminal mula pa sa kasaysayan
Sila ang nagdala ng bulok na impluwensya
Mga membro ng Partido direktang pinahina

Hindi tayo ligtas sa ganitong sitwasyon
Mga gawing luma, hadlang sa pagpatuloy
Kadalasa'y makaramdam ng pag-atras sa tungkulin
Dahil nangingibaw ang takot, pasibong tendensya
Patuloy na nagtutunggali ang tama at mali
Para lang maitakwil pagka indibidwalismo
Kailangang paunlarin ang iyong kamulatan
Hindi dapat pakampante at mag-aral nang mabuti
Ibayong paghuhubog sa iyong sarili
'Yan ang dapat gawin, loob ay pagtibayin.

# Maglingkod nang walang-pagod!

*ni Kyreo Tablo*

Sa pagpapanday, kailanma'y 'di tumalikod
Sa paglalakbay, 'di alintana ang pagod
Baya'y palayain ang nasa ubod,
nasa puso ng hukbong tapat na naglilingkod

Sa hagupit ng kaaway, 'di maninikluhod
Sa sakripisyo't hirap, 'di yuyukod
'Di bat kahirapan nga ang sa ati'y nagbunsod
upang digmang mapagpalaya'y itaguyod?

Binhi silang ibinudbod
sa mga nayon, sa mga lungsod
Sa piling ng masang nalulugod
sa adhikaing sa kanila'y nagbigkis, nagbuklod

Sa digmaang may mahabang taludtod
tumindig, sumulong, kahit matalisod
sa ating hakbang-hakbang na pagsugod
Ang magtagumpay, ang pinakabuod!

*December 5, 2023*

# Reminders

*In canopied silence*
*We lurk*
*Longing to bask*
*In the freeing sunshine*

*In the waning gibbous moon*
*We advance*
*Step by spiral step*
*Towards the crimson dawn*

*In jagged slopes*
*We descend*
*To homes downtrodden*
*In treading our mass line*

*In mirage of leaves*
*We await*
*Camouflaged men*
*Daunted by our reckon*

*In sacrifice and hunger*
*We endeavor*
*For a bountiful tomorrow*
*Enslaving no longer*

*In blood, sweat, and bitter*
*We press on*
*For the liberation*
*Of farmhand and overworker*

*As in all unmentioned*
*Of these protracted polarities*
*Remind us every second over*
*That the people's war*
*Is for the people's peace.*

2022



**Mga paalala**

Sa lilim ng katahimikan
Nakakubli kami
Nangangarap na mainitan
Sa mapagpalayang sikat ng araw

Sa ilalim ng maputlang nakukubang buwan,
Sumusulong kami
Hakbang-hakbang na pumapaimbulog
Tungo sa kulay-dugong bukang-liwayway

Sa matutulis na dalisdis
Bumaba kami
Tungo sa mga bahay ng pinagsasamantalahan
Sa yapak ng aming linyang masa

Sa likod ng kunwa'y mga dahon
Hinihintay namin
Mga lalaking nakakamoplahe
Na takot sa aming pagmamatyag

Sa sakripisyo at gutom
Pinagsisikapan namin
Ang isang masaganang bukas
Pagtatapos ng pang-aalipin

Sa dugo, pawis, at pait
Nagpupunyagi kami
Para sa kalayaan
Ng magbubukid at manggagagawa

Sa lahat na hindi na nabanggit
Na katulad sa mga matagalang
pagkakaibang ito
Segu-segundo kaming
napaaalalahanan
Na ang digmang bayan
Ay para sa kapayapaang bayan.

# Kung sakali

kung sakali muli tayong magtagpo
sa pagitan ng mga abakaha't butungan
masaya pa rin kitang kwekwentuhan
ng samo't saring karanasan

kung sakali muli tayong magtagpo
sa pagitan ng mga ngiti ng masa at hukbo
muli pa rin kitang kakamayan
kahit pa sa dulo nito'y pamamaalam

kung sakali muli tayong magtagpo
sa pagitan ng mga salita ng tula
makikinig pa rin ako, sa istorya mong masaya
at mga karanasan mo sa piling ng masa

kung sakali muli tayong magtagpo
sa pagitan ng mga baril at punglo
magkatuwang pa rin tayo sa pagluluto
at pagtataguyod sa mga pulong ng hukbo

kung sakali muli tayong magtagpo
sa pagitan ng mga inukit na larawan
muli kitang sasaluduhan
sa pagiging mahusay na hukbo ng mamamayan

*Jose Maria Sison, Tagapangulong tagapagtatag ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas, namartir noong Disyembre 16, 2022*







*Wilma Austria-Tiamzon (Ka Bagong-Tao), Pangkalahatang Kalihim ng Partido Komunista ng Pilipinas, namartir noong Agosto 21, 2022*

*Benito Tiamzon (Ka Laan), Tagapangulo ng Komite Sentral ng Komiteng Tagapagpaganap ng PKP, namartir noong Agosto. 21, 2022*







*Jorge Madlos (Ka Oris), Tagapagsalita, Pambansang Kumand sa Operasyon, Bagong Hukbong Bayan, namartir noong Oktubre 21, 2021*




*Romeo Nanta (Ka Juanito Magbanua), Tagapagsalita, Rehiyunal na Kumand sa Operasyon ng Isla ng Negros, namartir noong Oktubre 10, 2022*




*Ericson Acosta, Konsultant ng NDFP para sa Isla ng Negros, narmartir noong Nobyembre 30, 2022*



# Landas

*Ni Summir Ilmagri*

hindi lahat ng panahon
tuwid ang daan
mas madalas taliwas
sa inaashan
madulas... maputik
malimatik... matinik
paikut-ikot
paminsan-minsan
naliligaw

may mga pagkakataong
tuluy-tuloy ang lakad
tumatakbo pa nga
hinahabol ang hininga
sasalampak sa Lupa
para magpahinga

may makakasalubong
na masa na makikipagbatian muna
makikipagkwentuhan
at makikipagdaup-palad muli
sa paghihiwalay
kakaway hanggang mapawi
ang binitiwang ngiti

tuloy lang sa pakay
malayo pa ang pupuntahan
pansamantalang itatago ng gabi
ang hilatsa sa mukha
ng pag-aalala
ng pagdududa
ng problema
at muling babangon
sa madaling araw
na tiyak ang pag-asa

tuloy ang lakad
paahon sa matarik na bundok
para makarating sa patag at
dalampasigan
hindi lamang pataas ang daan
sagabal din ang ulan
dumudulas ang daan
naoobligang huminto
para magpahinga
para magtasa
mag-obserba

mahigit limampung oras na
sa paglalakad at di
tiyak kung ilang oras pa bago
marating ang patutunguhan

pero ilang oras pa lamang ito
balewala ito sa
siglo siglo nang pinapasan
ng mga manggagawa at magsasaka
at iba pang mamamayan
na pang-aapi at pagsasamantala

kaya tuloy lang ang lakad
taglay ang kapasyahang
marating ang hinahangad na lugar
na nasa tamang oras
at mga tiyak na hakbang
habang paulit-ulit na
lilingunin kung gaano kahirap
ang landas na pinili
at saka buong giting na titindig
na handa sa bukas na
para sa lahat

*21 Nobyembre 2022*


ARMAS-TK
LUMAHOK
SA
REBOLUSYON


Artista ng bayan,
ngayon ay lumalaban!
ARMAS-TK


Kabataan, sumapi sa
NEW PEOPLE'S ARMY!
Maglingkod sa sambayanan!
ARMAS-TK


ARMAS-TK
MAKIBAKA
HUWAG
MATAKOT.

# Maghimagsik!

*ni Kyreo Tablo*

Maghimagsik laban sa karahasan
Maghimagsik laban sa kasakiman
Maghimagsik laban sa kagutuman
Maghimagsik laban sa kahirapan
Maghimagsik laban sa kasamaan
Maghimagsik laban sa kaalipinan

Ito ang makatarungang sigaw
na yayanig sa mga halimaw
Ito ang makatarungang sigaw
sa mga api't dukha'y pumukaw
saanmang sulok umaalingawngaw

Para sa kalayaan, Maghimagsik!
Para sa katarungan, Maghimagsik!
Para sa kasarinlan, Maghimagsik!
Para sa kaunlaran, Maghimagsik!
Para sa karapatan, Maghimagsik!
Para sa bayan, Maghimagsik!

Ito ang makatarungang sigaw
Partido ang giya't tanglaw
Ito ang makatarungang sigaw
Maghimagsik! hanggang tagumpay ay matanaw
Maghimagsik! hanggang buong mundo'y masaklaw

*Disyembre 6, 2023*

## Pasasalamat

Kay Ka Tawhay, Ka Arka, Ka Mitzki, Ka Rayki, at lahat ng nagbigay ng kanilang talento sa pagdidibuho.

Sa mga kasamang tumulong sa pagrerebyu ng mga obra, sa mga kadre at kasapi ng Partido at mga kumander at myembro ng Pulang hukbo sa mga rehiyon ng Ilocos-Cordillera, Gitnang Luzon, Timog Katagalugan, Bicol, Eastern Visayas, Negros, Panay, Northeastern Mindanao, North Central Mindanao na nag-ambag ng kanilang mga obra sa rebolusyonaryong mamamayang Pilipino na walang sawang nakikibaka laban sa mapang-aping sistema, buhay man ang ialay.

Hanggang sa tagumpay, mga kasama!

ULOS 2023